PASAPORTE SA BAGONG PILIPINAS

Gabay sa Pulitikal na Pagpapanibaao at Katatagan ng

ANG KAPATIRAN
Para sa Diyos at Pagbabago
www.angkapatiranparty.org

Mga Banggít

- **"Kung ang isandaang parokya ay makakakupkop ng mga lumalagong sangay, na may mga 50 hanggang 100 kasapi bawat isa, sa pagsapit ng Enero 2010, Ang Kapatiran ay maaaring maabot ang kritikal na suporta upang makagawa ng kakaiba sa halalan sa Mayo."** (*Multiply Kapatiran*, Newsstand, ni John Nery, Philippine Daily Inquirer, 24 Hunyo 2008)
- **"Sa isang kadahilanang ang bansang ito ay kinakailangang manatili, Ang Kapatiran ay may lahat ng dahilan para lumagó."** (*Wanted: Opposition*, THERE'S THE RUB, ni Conrado de Quiros, Philippine Daily Inquirer, 16 Agosto 2007)
- **Ang Kapatiran ay isang partidong pang-kinabukasan na ikinalulugod ng mga di-tradisyonal na pulitiko at ng mga may idealismong kabataan ng bayan."** (*Viable Alternative*, A Law Each Day Keeps Trouble Away, ni Jose C. Sison, The Philippine Star, 5 Oktubre 2004)
- **"Nandy Pacheco, ang walang kapagurang tagapagtaguyod ng mahigpit na pamamahala sa pagmamay-ari ng baril, ay muling ipinamalas ang kanyang sibikong sigla sa pamamagitan ng pagtatatag ng Ang Kapatiran, na naglalayong ipundar ang bagong pamumuno para sa bansa upang palitan ang trapong sistema na siyang nagpababá ng antas ng demokrasya mga dekada na."** (*Ousting the Trapo*, Separate Opinion, Philippine Daily Inquirer, 28 Hunyo 2003)
- **"Kung nag-iisip tayo ng alternatibo, Ang Kapatiran ni Nandy Pacheco ay naglalaan ng behikulo para sa makabuluhang pagbabago."** (*God be with you Nandy*, Reveille, Ramon J. Farolan, Philippine Daily Inquirer, 12 Pebrero 2007)

Mga Nilalaman

- Paunang Salita
- Panimula
- **Unang Bahagi: ANG KAPATIRAN PARTY**
- **Ikalawang Bahagi: EDUKASYON**
- **Ikatlong Bahagi: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA**
- Mga Reperensya
- **Ikaapat na Bahagi: PANGASIWAAN**

PAUNANG SALITA

- *"Kung bakit tayo ganito ngayon – isang bansang may napakaraming mahihirap at walang kapangyarihang mamamayan – isang dahilan ay pinabayaan nating lahat na mawalan ng halaga ang pulitika at manatili sa mababang antas na siyang kalagayan nito ngayon." (1997 Pastoral Exhortation on Philippines Politics* ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines)
- Makalipas ang labing-dalawang taon nang ito ay ihayag, ang kalagayan ng pulitika sa Pilipinas ay humantong sa pagiging masama hanggang sa sukdulan. Ang paglala nito, sa isang banda, ay hindi naganap nang walang kaakibat. Kaagapay ng patuloy na pagkawasak ng moralidad at ng pulitika, ang Pilipinas ay dumaranas ng napakaraming krisis at pana-panahong maselan na panlipunang kagipitan, malawakang kasiraan ng kapayapaan at kaayusan, di-pantay at di-makataong bahagian ng paglago ng ekonomiya, mabagal na pag-unlad ng antas ng pamumuhunan, kaawa-awang suporta sa edukasyon at mga panlipunang serbisyo, pira-pirasong pagsasagawa ng mga pangunahing proyektong pang-inprastraktura, malawakang katiwalian sa lahat ng antas ng lipunan, pagdami ng dumaragsang manggagawa na naghahangad ng hanap-buhay sa ibang bansa, at walang patid na paglagó ng lubos na kahirapan. Malinaw na mayroong napakalaking kamalian. Pinagtataksilan natin ang ating bansa, ating mga anak at ating sarili. Panahon na upang magka-isa bilang isang bansa. Panahon na upang kumilos, kumilos nang tiyak at walang pag-aalinlangan para sa ating kapakanan.

PAUNANG SALITA

- Ilang talamak na mga sakit ng pulitika ang dapat sugpuin. Kabilang dito ang kulang na pang-unawa kung ano ang **pulitika***, ang kawalan ng mga responsable at mapanagutang partido pulitikal, at ang kawalan ng kamalayan sa kabutihang panglahat.
- Ang pulitika ay may dimensyong moral na maaaring umakay sa atin tungo sa kabutihan o kasamaan Ang pulitika mismo ay hindi marumi. Ito ay mabuti. Subalit ito ay niyuyurakan lamang ng masasamang pulitiko na siyang hinahayaan naman ng mga tao.
- "*Ang makatarungang lipunan ay tagumpay ng pulitika, hindi ng Simbahan. Ang may tahas na tungkuling magsagawa ng pagbabalangkas ng makatarungang lipunan ay naaayon sa mga mananampalatayang layko.*" (Encyclical letter, *Deus Caritas Est*. Pope Benedict XVI)
- Sa mga bumoboto, ang pulitika ay malimit na nangangahulugan ng pagboto ayon sa kasikatan ng kandidato. Hindi nila sinusuri ang moral na pagkatao ng mga kandidato o dili kaya ang plataporma ng mga partido. Ito ang sanhi ng malawakang kabiguan ng mga tao na makaboto nang naaayon sa kanilang sama-samang hangarin o mithiin at makapaghayag ng responsableng boto.

****Pulitika* = *n. pl. mga gawaing may patungkol sa pamumuno o sa paghihikayat o pagpapanalo at pagtatamo na mahawakan ang kapangyarihan ng pamahalaan.*** *Meriam Webster's Third New International Dictionary, 1964*

PAUNANG SALITA

- Hindi nauunawaan na ang pagboto ay isang malikhaing gawain ng pakikilahok sa pagtataguyod ng isang makatarungan at makamamamayang lipunan. Ang mga tao ay bigo sa kanilang pang-unawa sa tunay na kahulugan ng probisyon ng Saligang Batas na isinasaad: *"ang kataas-taasang kapangyarihan ay nananahan sa mamamayan, at ang lahat ng kapangyarihan ng pamahalaan ay nagmumula sa kanila."*
- Malinaw sa pagsusuri ng Edsa I at Edsa II na habang nagtagumpay tayo na patalsikin sa kapangyarihan ang mga di karapat-dapat, nabigo naman tayo na ibigay sa mga kapalit nila ang **"listahan ng malinaw nating mga mithiin"** na siyang dapat nilang isakatuparan para sa atin.
- Ang *People Power* ay dapat mayroong magkakambal na layunin: palitan ang rehimen at ibigay sa kapalit nito ang listahan kung ano ang nais ng mga tao. Nagtagumpay tayo sa una ngunit pinabayaan nating mabigo tayo sa ikalawa.
- Para sa mga tradisyunal na pulitiko (*trapos*), ang pulitika ay paraan upang magkapagpayaman at makakuha ng impluwensiya at kapangyarihan para sa pansarili at pampamilyang kapakanan. Itinuturing ng mga *trapo* ang pampublikong panungkulan na parang pribadong pag-aari na maaaring maisalin mula sa isang henerasyon at sa susunod pa. Ang pulitikal na dinastiya ng mga pamilya o mag-anak ay sumisibol at namamayani.
- Ang gawaing pulitika ng mga *trapo* ay naghahari tuwing halalan at sa pagitan ng panahon ng halalan.

PAUNANG SALITA

- Ang kawalan ng responsableng partido pulitikal ay lubhang nabanaag noong halalan ng 2007 nang ang mga kandidato para sa senado ay nagsitakbo sa ilalim ng "Team Unity" o "GO" na kung saan alinman sa dalawa ay hindi partido pulitikal.
- Ang malimit na kawalan ng *quorum* sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ay isa pang halimbawa ng pagiging iresponsable ng mga partido. Bigo sa pagdisiplina ang mga partido sa mga may pagkukulang nilang miyembro tulad ng pagiging bigo ng mga ito sa pag-unawa sa tunay na mga mithiin ng mamamayan at sa pag-akay sa mamamayan tungo sa pangkalahatang kabutihan.
- Naglaho na sa ating kamalayan ang diwa ng **kabutihang panglahat**. Lubha na tayong naging makasarili. Nakaligtaan na natin na ang hangad na kabutihan para sa komunidad ang magbibigay kapakanan sa bawat indibiduwal na nakapaloob dito, pati na sa ating sarili. Kaya nga't kinakailangan nating linangin ang kamalayang pang-komunidad na kung saan ang mga nananahan ay may iisang pasiya na itaguyod ang kapakanan ng bawat isa. Ang lahat ng ito ang pangunahing sanhi ng mga suliraning pulitikal na kinakaharap ng Pilipinas ngayon.
- Mabuting isaisip ang panuntunang moral na ang mga tao, bilang indibiduwal, ang may kanya-kanyang pananagutan sa paghubog nila sa kanilang sarili; subalit, sa kolektibong pananaw, sila ay may pananagutan din sa mundong kanilang ginagalawan.

PANIMULA

- Sa gitna ng mapanganib na yugtong ito ng ating kasaysayan, mahalagang tanungin ng mga Pilipino ang kanilang mga sarili ng ganitong katanungan:
- Anong uri ng bansa ang nais nating makamtan para sa ating sarili, na siyang nais nating ipamana sa ating mga anak at sa mga magiging anak ng ating mga anak? Mayroon ba tayong ganitong mithiin ngayon?
- Kung ang mithiing kasagutan sa nasabing tanong ay sadyang iba o taliwas kung ihahalintulad sa lipunang ating ginagalawan ngayon, ano ang dapat nating gawin upang marating ang tila napakalayong lupang pangakong iyon?
- Tayo ay isang lipunang ligaw. Ngunit hawak ang kabutihang panglahat *(common good)* bilang idelohiya, ang Ang Kapatiran Party (AKP) ay nagmumungkahi ng daan palabas sa kamuhi-muhing kalagayang ito. Upang maisakatuparan naman ang bisyon at misyon nito, ang AKP ay may dalawang magkaiba ngunit magkaagapay na gawain: edukasyong pulitikal at aksyong pulitikal. Sa puntong edukasyong pulitikal, ang AKP ay naglathala ng aklat na ito: **PASAPORTE SA BAGONG PILIPINAS**.
- Ang PASAPORTE ay naglalayon na magsilbing kaaya-aya at mapagkakatiwalaang kaibigan sa magulong mundong ginagalawan ng mga Pilipino, na nagnanais ng pagbabago at naghahangad ng makabuluhang buhay sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos at paglilingkod sa kapwa.
- Ang PASAPORTE ay nagtataguyod ng wastong paghubog ng pagkatao, pagpapahalaga, mabuting pag-uugali at kagandahang-asal. Nagkakaloob ito ng saligang edukasyong pulitikal na may damdamin para sa buhay, dignidad ng tao, pulitikal na komunidad (na nagsisimula sa pamilya at barangay), katarungan, kapayapaan, demokrasya, katotohanan, wastong pang-unawa sa pagbubukod ng Simbahan at Estado, at relihiyon at pulitika.

PANIMULA

- Ang PASAPORTE ay nagsasaad rin ng mga batayang prinsipyo at plataporma o talaan ng mga tiyak na layunin ng AKP – na nakatuong lahat sa pagpapalaganap ng kabutihang panglahat at sa pagtataguyod ng pulitika ng wastong pagpapahalaga at panununungkulan, pulitika na hayág/bukás at may pananagutan, pulitika ng mabuting pagkamamamayan at wastong pamamahala.
- Mismong si Pope Benedict XVI, sa pagtanggap niya sa mga Obispo ng Paraguay noong Septyembre 2008, ang nagbigay diin, *"Ang malaking bahagi ng bokasyon ng Kristiyanong layko (mga mananampalataya) ay ang pakikilahok nila sa pulitika nang sa gayon ay maisakatuparan ang hustisya, katapatan at pagtatanggol sa makatotohanan at tunay na mga pamantayan, at upang makapagbahagi sa pagtataguyod ng makatao at maka-espirituwal na lipunan. Ang tungkulin ng layko na makilahok sa pandaigdigang buhay, lalo na sa pulitika, ay susi sa ebanghelisasyon ng lipunan."*
- Ang aspetong edukasyon ng AKP ay isasagawa sa bawat pamilya, sa lebel ng BEC-barangay, sa mga lokal na simbahan at sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga *non-government organizations* (NGOs), mga grupong sibiko at ibang pang relihiyosong samahan.
- Ang pagsisikap ng AKP na ipamulat ang maka-propetang pulitika ng personal at panlipunang pagbabago ay kaakibat ng panawagang: **"MAGPAKABUTI NG SARILI AT MANIWALA SA EBANGHELYO"** (Marcos 1:15).
- Ang Pilipinas ay magbabago kung ang bawat Pilipino ang unang magbabago ng kanilang sarili. Ang PASAPORTE, batay sa saligang ito, ay naka-disenyong pasimulan ang proseso ng pagbabago.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

1.1 ANG KAPATIRAN PARTY

- Ang *Alliance for the Common Good* o **Ang Kapatiran Party (AKP)** ay kinilala bilang isang pambansang partido pulitikal ng *Commission on Elections* noong ika-8 ng Mayo 2004.
- Bukás sa lahat ng Pilipino, maging ano man ang pananampalataya, antas ng buhay at pang-ekonomikong katayuan, ang AKP ay nagsusulong ng pulitika na batay sa **"bukás"*** na plataporma na may malinaw at tiyak na layunin – na lahat ay nakatuon sa pagpapalaganap ng kabutihang panglahat at sa pagtataguyod ng pulitika ng kabutihan at wastong panunungkulan. Lahat ng kandidato ng AKP ay sumasang-ayon at tumatangkilik sa kabuuang mga prinsipyo at plataporma ng partido na walang isinasaisangtabi.
- Batay sa Panlipunang Pakikipamuhay na Pangaral ng Simbahan *(Social Teachings of the Church)*, bibigyang tuon at diin ng AKP ang panuntunang moral, hindi ang pulitika ng pansariling kapakanan; ang pangangailangan ng mahihirap at mahihina, hindi ang pakinabang lamang ng mayayaman at makapangyarihan; ang tuluyang pagsisikap na matamo ang kabutihang panglahat, hindi ang hangarin ng iilan; ang kultura ng buhay at kapayapaan, hindi ang kultura ng kamatayan at karahasan.
- Bilang gamot sa maruming pulitika, ang daang tatahakin ng AKP ay maka-banal *(holistic)* at maka-kabuuan *(integral)*, na may bagong sigla at mga pamamaraan. Ito ay binubuo ng dalawang magkaiba ngunit magkaakibat na bahagi: edukasyon at aksyong pulitikal.

- * **Bukás** – ang plataporama ng AKP ay bukás sa mga karagdagang layunin na alinsunod sa mga Batayang Prinsipyo nito

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

- Sa tulong ng mga bukás-palad na Pilipino na may mabuting kalooban at alay ang kanilang "yaman, panahon at talento," ang AKP ay umaasa na masusupil ang "PULITIKA NG SALAPI" at mapagkakalooban ang bansa ng mga alternatibong pinuno na may pananalig sa Diyos at magtatanggol ng kabutihang panglahat.
- Dala ang himig pangkalahatang kabutihan, ang lahat ng kasapi ng AKP (naihalal o itinalaga) ay maihahambing sa mga musikero ng isang orkestra na tumutugtog nang nagkakaisa at bumubuo ng magkakatugmang himig. Ang Pangulo ng Pilipinas, bilang taga-kumpas, ay titiyaking walang kahit isang notang tataliwas.

1.1.1 MGA BATAYANG PRINSIPYO

Ang AKP ay nakabatay sa sampung prinsipyo.

1. ***Paniniwala sa Isang Makapangyarihang Diyos.*** May iisa lamang na walang-hanggan at pinakamakapangyarihang Diyos, na lumikha ng lahat. Ang kaniyang mga batas ay nakaukit sa puso ng bawat tao, na nakaugat sa dalawang kautusan: Ibigin ang Diyos nang higit sa lahat at mahalin ang kapwa tulad ng pagmamahal sa sarili.
2. ***Karapatan ng Buhay at Dignidad ng Tao.*** Ang bawat tao ay nilikha na kawangis ng Diyos. Aming paniniwala na ang buhay ng bawat tao ay sagrado simula sa pagkabuo hanggang sa likas na kamatayan nito; na ang tao ay mas mahalaga kaysa ano pa mang bagay; at ang sukatan ng bawat institusyon ay kung nagkapagpapabuti ito o hindi sa buhay at dignidad ng tao.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

3. ***Panawagan sa Pamilya, Pamayanan at Pakikilahok.*** Ang tao ay hindi lamang sagrado kundi likas din sa kanya ang makihalubilo. Ang ipinagkaloob ng Diyos na mga institusyon ng kasal at pamilya ay sentro at pundasyon ng buhay-lipunan. Kailangang ang mga ito ay palakasin, pagtibayin at paunlarin, hindi pahinain at wasakin. Sa labas ng pamilya, ang bawat tao ay may karapatang makilahok sa mas malawak na lipunan at may karampatang tungkulin na gumawa ng mga bagay tungo sa ikauunlad at ikabubuti ng lahat lalong-lalo na ng mahihirap at mahihina.

4. ***Mga Karapatan at Responsibilidad.*** Bilang bahagi ng lipunan, ang ating mga ugnayan ay may mga pamantayang karapatan at pananagutan. Ang bawat tao ay may likas na karapatan sa buhay at karapatan sa mga bagay na magbibigay daan upang kanilang matamo ang desenteng pamumuhay – pananampalataya at pamilya, pagkain at masisilungan, pangangalagang pang-kalusugan at tahanan, edukasyon at pagkakakitaan. Sa pangkabuuang lipunan, ang mga namumuno ay may pananagutang igalang ang mga likas na pantaong karapatan. Gayun din, ang lahat ng mamamayan ay may tungkuling igalang ang mga pantaong karapatan at tuparin ang kanilang mga responsibilidad sa pamilya, sa bawat isa at sa mas malawak na pamayanan.

5. ***Pagkiling sa Dukha at Mahihina.*** Ang moral na pagsubok ng isang lipunan ay kung paano nito pinakikitunguhan ang mga kasaping pinakamahihina. Ang mahihirap ang may pinakamaigting na panawagang moral sa konsyensiya ng bayan. Ang Kristiyanong paniniwala ay nananawagan sa atin na yakapin ang pagkiling na ito sa mahihirap at mahihina, isalarawan ito sa ating buhay, at gawan ng paraan upang mahubog nito ang mga pampublikong patakaran at pagsasaalang-alang.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

6. ***Dignidad ng Paggawâ at Karapatan ng mga Manggagawa.*** Ekonomiya ang nararapat magsilbi sa tao hindi ang kabaligtaran. Ang paggawâ ay isang uri ng tuluyang pakikilahok ng tao sa likha ng Diyos. Ang paggawâ ay isang paraan sa pagtamo ng bahagi ng ating mga posibilidad na bigay ng Diyos. Kung ang dignidad ng paggawâ ay pangangalagaan, ang mga karapatan ng mga manggagawa, namumuhunan at namamahala ay dapat igalang – karapatan sa makabuluhang gawain, desente at makatarungang sahod, pagtatatag ng at pagsapi sa mga unyón, pagpapasimunong pang-ekonomiya, at pagmamay-ari at pribadong kaarian.
7. ***Pagkakaisa.*** Dahil sa pagkakakabit-kabit ng bawat isa at kinakailangang pagtutulungan ng lahat sa buong daigdig, mayroon tayong moral na pananagutan sa ating mga sarili na gawin ang para sa kabutihang pangkalahat sa lahat ng antas: sa ating lokal na pamayanan, sa ating bansa at sa iba pang mga bansa. Magkakapatid tayong lahat, saan man naroon.
8. ***Pangkalahatang Kabutihan.*** Ang pangkalahatang kabutihan ay ang "kabuuan ng panlipunang kalagayan na nagpapahintulot sa bawat tao o mga tao na maabot ang kanilang ninanais nang mas ganap at madali o maluwag." *(#74 Konstitusyong Pastoral ng Simbahan sa Makabagong Daigdig)*. "Ang prinsipyo ng pangkalahatang kabutihan ay nakasalalay sa dignidad at pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao, na kung saan ang bawat aspeto ng panlipunang buhay ay dapat dito nakabatay upang mabigyan ito ng higit na kahulugan. Ang pangkalahatang kabutihan ang dahilan kung bakit ang pulitika ay mahalaga. Ang pamahalaan ang boses ng mga mamamayan kaya nga't kailangan nitong tiyakin ang pagkakaisa, pagkakaugnay-ugnay at pagkakaroon ng sapat na organisasyon upang makamit ang kabutihang pangkalahat." *(Kompendyum ng Panlipunang Doktrina ng Simbahan)*.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

Ang mga elemento ng pangkalahatang kabutihan: a) paggalang sa at pagtataguyod ng karapatang pantao; b) kaunlaran o ang pagpapaunlad ng espirituwal at temporal na pangangailangan ng lipunan; at c) kapayapaan at seguridad ng samahan at mga kasapi. *(# 1925 Katesismo ng Katolikong Simbahan)*.

9. ***Pangangalaga sa Likha ng Diyos.*** Ang mundo na nilalang ng Diyos ay ipinagkatiwala sa atin, bagama't kailangang ang paggamit nito ay ayon sa kagustuhan ng Diyos, hindi para sa ating kapakanan lamang. Ang ating pagiging tagapamahala ng daigdig ay pakikilahok sa ginawa ng Diyos na paglikha ng daigidig at pagpapatuloy nito. Sa ating paggamit ng kanyang nilikha, gawin nating patnubay ang kapakanan ng iba, ng buong mundo at ng mga henerasyon pang darating, at ang paggalang sa kabutihan at kagandahan ng lahat ng Kanyang nilalang.

10. ***Kapayapaan, Pagiging Aktibo na Walang Karahasan at Progresibong Pagdidis-arma.*** Ang Kaharian ng Diyos na ipinahayag ni Hesus ay hindi Kaharian na ang ipinatutupad ay pwersa ng armas. Ito ay Kaharian na itatayo sa pamamagitan ng pagmamahal. Ang pamamaraang walang dahas ay nangangailangan ng pagkakaisa at pagkilos. Ang paggamit ng karahasan ng armas upang matamo ang panlipunang pagbabago ay hindi kailanman makatwiran. Ang daan tungo sa lubos na kalayaan ay hindi ang daan ng dahas, paghihimagsik o muhí; ito ang daan ng pagmamahal, kapatiran at mapayapang pagkakaisa. Upang maalis ang sakit ng lipunan, aktibong pakikilahok na walang karahasan ang panlunas sa mga idelohiyang nagtutulak ng paggamit ng armas sa pagbabago ng kasalukuyan. "Lahat ng sangay ng Simbahan ay kinakailangang aktibong kumilos upang wakasan ang paggawá at produksyón ng teknolohiya ng kamatayan at pagbebenta ng armas bilang bahagi ng bisyóng kapayapaan ng Simbahan." *(Decrees, Art. 23, #3, Ikalawang Konsilyo Plenaryo Pilipinas)*.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

1.1.1.1 PAGPAPAHAYAG NG DI-NAGBABAGONG ETIKA NG BUHAY (DECLARATION OF A CONSISTENT ETHIC OF LIFE)

- Pinahahalagahan at ipinagtatangol ng AKP ang buhay ng tao anumang uri at yugto nito. Lahat ay mahalaga. Anumang aspeto ng buhay ng tao ay may epekto sa ibang aspeto nito.
- *Ang pangunahing kailangan ng tuluyang di-nagbabagong etika ng buhay ay ang saloobin o panlipunang "paggalang sa buhay." Kung saan man na ang buhay ng tao ay itinuturing na hindi mahalaga at madaling aksayahin, sa kalaunan walang anuman ang magiging mahalaga at ang lahat ng buhay ay manganganib.*
- **Ang di-nagbabagong etika ng buhay ay nangangahulugan ng pagiging maka-buhay sa pangkabuuan** – pagtutol sa aborsyon o paglalaglag, artipisyal na pagpigil sa pagbubuntis, parusang kamatayan, pagkitil ng buhay kahit kinakailangan, *sports* o mga paligsahan na ang pangunahing layunin ay saktan ang katunggali, pagpapahirap upang paaminin sa isang akusado o pinaghihinalaang gumawa ng krimen, *hazing*, pagmamaltrato ng mga bilanggo, malalaswang panoorin, prostitusyon, kalupitan ng mga *fraternities*, kultura ng baril, kamatayan at karahasan, paghihiganti, paramihan ng armas, kahirapan, katiwalian, at di-ligtas na kalagayan ng mga manggagawa.
- **Ang di-nagbabagong etika ng buhay ang dapat na maging batayang moral sa pagtugon sa lahat ng usaping pulitikal. Ang kahihinatnan ng dinagbabagong etika ng buhay ay ang pagkakaroon ng pamantayan upang masubok o masukat ang pampublikong patakaran, plataporma ng partido, at pagkatao ng mga kandidato para sa pampublikong tanggapan.**

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

- Sa huli, mabuting palagiang isaalaala ang isinasaad sa *James* 2:10-11: *"Sinumang magkasala sa isang punto ng batas, kahit na sinusunod niya ang lahat ng iba, ay may pagkakasala sa lahat ng punto ng batas. Sapagkat ang nagsabing, 'Huwag kang mangalunya' ay nagsabi ring, 'Huwag kang pumatay.' Kaya nga't kung di ka nangalunya ngunit pumatay ka naman, maituturing kang nagkasala sa batas."*

1.1.2 MGA KAKAIBANG KATANGIAN NG AKP

1. Ang AKP ay naniniwala sa prinsipyong "Unahin ang Dapat Unahin" *("First Things First")*. Kaya nga ang unang layunin sa plataporma ng AKP ay *"Isaunang tamuín ang Kaharian ng Diyos at ang lahat ng Kanyang kabutihan, at ang lahat ng mga bagay ay ipagkakaloob sa iyo."*
2. Naniniwala ang AKP na ang mga batayang prinsipyo at plataporma ang dapat mailahad nang una bago ang kandidato.
3. Ang idelohiya nito ay kabutihang panglahat.
4. Ito lamang ang partido na nagtataguyod ng pulitika na batay sa plataporma na may malinaw at tiyak na mga layunin at kung saan ang mga kandidato nito ay sumasang-ayon at sumusumpa sa kabuuang mga batayang prinsipyo at plataporma ng partido na walang isinasaisangtabi.
5. Ito lamang ang natatanging partido na may taglay na aspetong edukasyon.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

6. Ito ay maka-buhay sa pangkabuuan *(pro-life across the board)*.
7. Ito lamang ang partido na may dalawang huwarang modelo: St. Thomas More at Pangulong Ramon Magsaysay.
8. Ito lamang ang partido na ang paksang awitin o *theme song (Pananagutan)* ay nagpapatibay sa prinsipyo na tayong lahat ay may pananagutan sa isa't-isa
9. Ang pamamaraan nito sa pulitika ay maka-banal *(holistic)* at maka-kabuuan *(integral)*.

1.2 PANANAW *(VISION)*

- ***Ganap na buhay para sa lahat ng Pilipino, sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos at pagsisislbi sa kapwa.***
- Hinahangad ng AKP ang isang **bansang may pagkatao** *(nation of character)* na nababanaag ang integridad sa pulitika, pulitikal na katatagan ng lipunan, masiglang ekonomiya at kagalingan sa teknolohiya, at tuluyang *(sustainable)* pang-ekonomikong kaunlaran sa pandaigdigang lipunan.
- Hinahangad ng AKP ang isang **bansang may kapayapaan sa sarili at sa mga kapwa bansa,** kung saan ang pasakit at karahasan ay bagay na nakaraan, at kung saan ang mga Pilipino ay ligtas at panatag.
- Hinahangad ng AKP ang isang **bansang maunlad at malakas,** kung saan ang kahirapan ay nasugpo na, at nakapag-bibigay ito ng makabuluhang hanapbuhay sa lahat ng Pilipino sa loob ng bayan, hindi sa ibang bansa.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

- Hinahangad ng AKP ang isang **bansang malusog**, kung saan ang mga gamot at pang-ospital na pangangalaga ay nakakamit at nakakayanan ng lahat ng mamamayan.
- Hinahangad ng AKP ang isang **bansa na nagkakaloob ng pinakamahusay na edukasyon** sa lahat ng kabataan, upang makamtan nila ang tugatog ng kanilang kakayahan.

1.3 MISYON

1. Ilagay ang Diyos at ang Kanyang mga aral sa sentro ng pulitika.
2. Wakasan ang marumi o *trapong* pulitika – ang pulitika ng *pork barrel*, dinastiyang pulitikal ng mga pamilya, panunuhol at katiwalian, pulitika ng mga sikát, pulitika ng panlilinlang at gamitán, pandaraya, pananangkilik *(patronage)*, bayaran, mga walang prinsipyong sabwatan, pulitika ng limpak-limpak na salapi, mga armas at matón, mga hindi isinasauling salaping ginamit, panlalansi sa halalan, at iba pang mga uri ng pulitikal na kalokohan.
3. Itaguyod ang pulitika na may bukás at batayang plataporma na may malinaw at tiyak na mga layunin – na nakatuong lahat sa kabutihang panglahat at sa pagpapalaganap ng pulitika ng kabutihang asal at wastong panunungkulan.
4. Bigyang tuon at diin ang mga panuntunang moral, hindi ang pulitika ng pansariling kapakinabangan; ang mga pangangailangan ng mahihirap at mahihina, hindi ng mayayaman at mga makapangyarihan; ang pagtamo ng kabutihang panglahat, hindi ng mga interes ng iilan; at ang kultura ng buhay at kapayapaan, hindi ang kultura ng ng kamatayan at karahasan.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

5. Isagawa ang uri ng pulitika na maka-banal *(holistic)* at maka-kabuuan *(integral)* – na may bagong sigla at pamamaraan.
6. Itatag ang isang bansang may pagkatao *(nation of character)* sa pamamagitan ng paghubog ng tamang pagpapahalaga at pagtataguyod ng pulitika ng kabutihan *(virtue)* at wastong panunungkulan *(duty)*, pangangasiwa at mabuting pagkamamamayan.
7. Patunayan na ang pulitika ay maaring maging mabisang paraan para sa kabuuang pag-unlad ng lahat sa halip na maging kasangkapan para sa kapakanan ng iilan.
8. Patunayan na ang pulitika ay daan upang mahalin ang kapwa at maitaguyod ang demokratikong pakikilahok ng publiko, pagkakapantay-pantay at katarungan, mabuting pamamahala, kapayapaan, pagpapagaan ng kahirapan, bukás at mapanagutang paglilingkod.
9. Itaguyod ang "paggalang sa buhay" na pag-uugali sa buong lipunan.
10. Siguruhing gampanan ng pamahalaan ang pangunahing tungkulin na **pangalagaan at paglingkuran ang mga mamamayan at mapanatili ang kapayapaan at kaayusan**.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

1.4 PLATAPORMANG PULITIKAL

Dimensiyong Espirituwal

1. Isaunang tamuín ang Kaharian ng Diyos at ang lahat ng Kanyang kabutihan.

Dimensiyong Moral

2. Itatag ang isang bansang may pagkatao *(nation of character)* at itaguyod ang kubuang pag-unlad at panglahat na kapakanan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng paghubog ng mga pagpapahalagang batay sa mga pamantayang unibersal tulad ng kabanalan ng buhay at dignidad ng tao, panawagan sa pamilya, komunidad at pakikilahok, kabutihang panglahat, mga karapatan at tungkulin, pagkiling sa mahihirap, dignidad ng paggawa at karapatan ng mga manggagawa, pagkakaisa, pagkalinga sa likha ng Diyos, di-nagbabagong etika ng buhay, mabuting pagkamamamayan, at saligang edukasyong pulitikal.
3. Pahinain at sikaping pigilin ang pagpapapuri sa *sex* at karahasan, pornograpiya, di-pagiging tapat, bisyo, pagiging maka-materyal, pananaw na aliw ang pangunahing layon ng buhay, at palitan ang mga ito ng mga istruktura ng kabutihang-asal, kapayapaan, responsibilidad at kahanga-hangang gawain.
4. Alisin ang lahat ng anyo ng sugal.
5. Ipawalang-bisa ang parusang kamatayan.
6. Wakasan ang paggamit ng mga pagpapahirap *(torture)*.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

7. Wakasan ang karahasan sa mga *fraternities* o mga katulad na samahan sa mga paaralan at iba pang institusyon at pamahalaan, at isaayos ang mga paligsahan *(sports)* na ang tanging layunin ay ang pananakit o paggamit ng dahas sa kalaban.
8. Aktibong itaguyod ang responsableng pagpa-pamilya at likas o natural na pagpaplano ng pamliya.
9. Hikayatin ang *media* na pagyamanin ang mga pagpapahalaga na makatutulong sa pagbuo ng pambansang kaisipan at paninindigan na maka-Diyos, maka-buhay, maka-bayan at maka-tao.

Dimensiyong Panlipunan

10. Tuluyang palaganapin ang kultura ng buhay, kapayapaan, aktibong pakikilahok na walang karahasan at progresibong pagdidis-arma.
11. Ihayag na labag sa pampublikong patakaran, pampublikong moralidad, mabuting kaugalian at kabutihang panglahat: ang pagpapapuri sa kultura ng kamatayan at karahasan sa pelikula, telebisyon, *videograms*, radyo, pahayagan, *billboards*, *posters*, at ang mga pagtatanghal at pagbebenta ng mga armas at pagpapaskil ng mga *pro-gun stickers* sa mga pampublikong lugar.

Multi-Dimensiyonal na Pamamaraan Para sa Kapayapaan at Kaayusan

12. Gawing krimen para sa sinuman na magdala ng baril o anumang nakamamatay na sandata sa mga pampublikong lugar, maliban sa mga pulis o sundalo at lisensyadong pribadong *security guards* na naka-uniporme at nasa oras ng kanilang tungkulin.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

13. Dagdagan ang parusa sa ilegal na pagmamay-ari ng baril o paglabag sa batas ukol dito sa pamamagitan ng *reclusion temporal* (12 hanggang 20 taon na pagkabilanggo na walang *parole* o patawad). Patawan ng panghabangbuhay na pag-alis ng karapatan na manungkulan muli sa publiko ang sinumang lumabag na mga pampublikong opisyal.
14. Ipagbawal ang paggamit ng pampadilim sa mga salamin ng bintana ng mga sasakyan. (Ito ay ayon sa pasya ng Kataas-taasang Hukuman na ang mga sasakyan at mga sakay nito ay di-dapat isailalim sa paghahalughog at pangangapa.)
15. Ipagbawal ang pagtatanghal at/o pagtitinda ng mga armas at bala sa *malls* at iba pang pampublikong lugar.
16. Ipagbawal ang paggawa, pag-aangkat at pagbebenta ng mga laruang armas, *air guns* o mga katulad nito.
17. Ipagbawal ang kalakalang-panluwas *(export)* ng mga armas.
18. Ipagbawal ang pag-angkat ng armas maliban sa matataas na kalibre para gamit ng pulis at militar.
19. Gawing legal ngunit isailalim sa mahigpit na pangangasiwa ng pamahalaan ang lokal na paggawa at pagbebenta ng mga armas para gamit ng mga pulis at militar at mga sibilyan na ang layunin ay *sports* at pansariling proteksiyon sa tahanan. Ang paggawa at pagbebenta ng armas nang walang pahintulot ng pamahalaan ay papatawan ng kahalintulad na parusa sa ilegal na pagmamay-ari ng armas ayon na nakasaad sa #13 sa itaas.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

20. Gawing pataran na magkaroon ng *gun safety deposit box*, na aprubado ng pulisya, sa tahanana ng mga aplikante sa pagmamay-ari ng armas.
21. Isabatas ang pana-panahong pampublikong imbentaryo, pagdekomisyon at pagtunaw ng lahat ng nakumpiskang armas upang gawin itong mga pantakip sa *manholes* at iba pang kapaki-pakinabang na instrumento.
22. Bigyan ng pinansyal na pabuya ang mga makikilahok sa malawakang amnestiya sa bolutaryong pagsasauli ng mga hinding lisensiyadong armas nang walang anumang katanungan at walang anumang saguting kriminal o sibil. Wala nang iba pang amnestiya ang pahihintulutan.
23. Patawan ng parehong kaparusahan ng ilegal na pagmamay-ari ng armas ang sinumang mapatunayang sinadyang nagtanim ng ebidensiya upang magdamay ng iba.
24. Bumalangkas ng at ipatupad ang makatotohanang pambansang estratehiya upang masugpo ang paggawa, pangangalakal, pagbebenta at paggamit ng lahat ng ilegal na droga.

Mabuting Pamamahala

25. Alisin ang sistema ng "*pork barrel*."
26. Bigyan ng pinakamataas na prayoridad ang mga proyekto at mga programa para sa mahihirap, mga katutubo, matatanda, mga bilanggo, mga may kapansanan, mga beterano at mga kabataan; at suportahan ang mga *"non-government organizations"* at komunidad na ang mga proyekto ay tuwirang nagbibigay pakinabang sa mga maralita.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

27. Magtakda ng representasyon sa Korte Suprema upang maipatupad ang mabilisang pamamahala at paggawad ng katarungan.
28. Tiyakin ang pagiging bukás o hayág *(transparency)* at pagiging mapanagutan sa publiko *(public accountability)* sa lahat ng gawain at transaksyon ng pamahalaan; palakasin at pagalingin ang pagmamatyag laban sa katiwalian at pagnanakaw, pang-aabuso ng awtoridad at pag-aaksaya sa tatlong sangay ng pamahalaan at sa lahat ng antas ng byurukrasya; marapat na mabuhay ang mga opisyal publiko sa abot lamang ng kanilang kita at iwaksi ang luho at pagkabulagsak.
29. Ipatupad sa pamamagitan ng aksyong kriminal/administratibo ang di-paglikida ng mga opisyal publiko ng kanilang mga *cash advance* sa loob ng makatwirang panahon na hindi hihigit sa tatlong buwan.
30. Magsagawa ng masinsinang pagsusuri ng lahat ng mga sistema, palakad at gabay sa "pagbili" *(procurement)* sa lahat ng mga institusyon ng pamahalaan upang maiwasan ang pangungurakot at katiwalian.
31. Itaguyod ang ligtas, malinis, malusog at kaaya-ayang kapaligiran, lalo na ang *"zero-waste management"*; itaguyod ang pangangalaga *(stewardship)*; at itaguyod ang pagtatayo ng mga parke at pasyalan sa buong kapuluan.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

Kaunlarang Pang-ekonomiya

32. Tiyakin ang mabilisan at tuluyang pag-unlad ng ekonomiya para sa tuluyang kabawasan ng kahirapan at pagkakaroon ng mas mabuting kalidad ng buhay sa pamamagitan ng mga sumusunod :
    a. suriin at bigyang katwiran ang lahat ng pagkakautang ng bansa at limitahan ang mga uutangin pa ng pamahalaan ayon sa pagtaas/paglagó ng kalakal-panluwas, ng pagpasok ng pera mula sa mga OFWs, o ng GDP;
    b. pataasin ang pribado at publikong pag-iimpok upang mapataas ang tulin ng pamumuhunan;
    c. dagdagan ang pamumuhunan sa *human resource development* o pagpapaunlad ng pagkukunan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagpapalakas ng edukasyon sa larangan ng agham, matematika, *engineering* at Ingles;
    d. pagka-isahin ang byurukrasya ng pamahalaan upang mabawasan ang gastusin pang-kawani (kasama rin ng pagbawas ng katiwalian);
    e. higit ng pag-ibayuhin ang pamamahala at kolesiyon ng buwis.
    f. alisin ang mga batas, panuntunan at regulasyon na nagbibigay ng kapangyarihan sa mga kawani ng pamahalaan, tulad ng BIR, na magbawas o magdagdag ng anong mga *deductions* o *exemptions*;
    g. bigyang prioridad ang pagpapaunlad ng agrikultura upang makamit ang mataas na antas ng kasarinlan sa paraang paghihikayat na maging produktibo sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya at pagtatayo ng mga suportang pang-inprastruktura;

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

h. lumikha ng mga pasilidad pang-*micro-finance* at iba pang pautang para sa maliliit na negosyo sa pamamagitan ng pagpapadami ng mga padalang pera ng OFWs at ng pagpapaunlad ng kalakal-panluwas tungo sa kaunlarang pang-ekonomiya;

i. hikayatin ang mga gawaing pangkabuhayan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga kooperatiba at iba pang maliliit na negosyo at programang pangkaunlaran upang maibsan ang kahirapan ng mga nasa ibaba;

j. ipatupad ang *Agrarian Reform Program*;

k. itaguyod ang industriyalisasyon sa pamamagitan ng paghikayat sa pagpapalagó ng mga kapakipakinabang ng industriya, kasama ang telekomunikasyon at teknolohiyang pangkaalaman, mas epektibong paggamit ng mga likas-yaman na bigay ng Maykapal tungo sa pangkalahatang kapakanan ng mamamayan;

l. tamuing magkaroon ng kalakalang balanse at matatag *(stable balance of trade)* sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga bagong produktong panluwas at ng pagpapahusay ng mga produktong kasalukuyan.

Kulturang Pulitikal

33. Panatilihin ang pangingibabaw ng sibilyan sa militar sa lahat ng panahon.

34. Italaga ang termino ng tanggapan ng Punong Sandatahang Lakas *(Chief of Staff)* nang hanggang tatlong taon lamang anuman ang takdang edad ng pagreretiro.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

35. Ipagbawal ang mga aktibong militar o pulis na maitalaga bilang mga alalay at *security officers*.
36. Ipagbawal sa mga naihalal at naitalagang mga opisyal pampubliko ang pagsulat ng regular na kolum, paglabas sa mga pelikula at programa sa telebisyon, pagtatrabaho bilang mga komentarista o *anchorpersons* sa radyo at telebisyon, at paglabas sa mga patalastas sa TV, radyo, pahayagan at *billboards*.
37. Ipagbawal ang paglalagay ng *billboards* o mga katulad nito sa mga pampublikong lugar na may larawan ng pampublikong opisyal bilang nasa likod ng proyektong binabanggit o anu pa mang layunin.
38. Ipatupad sa lahat ang pagbabawal ng Saling Batas sa mga kamag-anak ng kasalukuyang opisyal ng pamahalaan hanggang sa ikatlong saling lahi na mamasukan sa pampublikong tanggapan kasabay o kapalit ng nasabing nanunungkulang kamag-anak at gawing labag sa batas ang sinumang miyembro ng Senado o Mababang Kapulungan ng Kongreso na kumandidato para ibang posisyon na hindi nagbibitiw sa kanyang kasalukuyang posisyon anim na buwan bago ang halalan.
39. Magtaguyod ng pambansa at lokal na mga kandidato na may moral na paninindigan at may kakayahan at sumasang-ayon sa mga batayang prinsipyo at plataporma ng AKP.
40. Kailanganin na ang mga kandidato sa Pagka-Pangulo, Pagka-Pangalawang Pangulo, Senador at Kinatawan ay may katibayang nakatapos ng kolehiyo, karagdagan sa mga kwalipikasyong isinasaad ng Saligang Batas.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

Patakarang Pandaigdig

41. Tuparin ang propesiya ni Isaiah: "Sila (mga taumbayan) ang siyang huhulma ng kanilang mga espada upang gawing araro *(plowshares)* at ng kanilang mga sibat upang gawing sima *(pruning hooks)*; ang bansa ay hindi magtataas ng armas laban sa ibang bansa, hindi rin sila muling magsasanay para sa digmaan (isang lipunang walang-baril).
42. Tuntunin ang kapayapaan na batay sa pagmamahalan, katarungan, pagpapatawaran at pagkakaintindihan, pagiging aktibo na walang karahasan at progresibong pagdidis-arma.
43. Maging isang bansa na kaibigan ng lahat at hindi kaaway ng sinuman.

1.5 MGA KATANGIAN NG KANDIDATO NG AKP

- Ang sumusunod ay ang mga katangian upang maging marapat at maisaalang-alang na kandidato ng AKP.
    1. May kwalipikasyon na naayon sa batas;
    2. Tinatanggap ang kabuuan na mga batayang prinsipyo at plataporma ng AKP na walang pag-aalinlangan;
    3. Marangal ang pagkatao, magiting, may kakayahan, responsableng mamamayan at magulang, at mapagkakatiwalaang pinuno;
    4. Hindi nahatulan o walang kasong nakabinbin sa korte, *Ombudsman* o piskalya;
    5. May katibayang nakatapos ng kolehiyo;
    6. Tanggap at sinusunod ang Alituntuning Asal *(Code of Conduct)* ng AKP.
    7. Hindi gumagasta nang higit sa ipinapahihintulot ng batas.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

1.6 MGA MODELO NG AKP

1.6.1 St. Thomas More ang patron ng mga mambabatas at pulitiko. Isinabuhay niya sa pamamagitan ng kanyang kabayanihan ang "di-maikakait na dignidad ng konsensiya ng tao." Iniaalok sa atin ni More ang isang modelong ating hinahangad ngunit kadalasan ay nagiging kakulangan sa pang-araw-araw nating pagpapasiya at sa ating mga pinunong publiko. Kahit na isinailalim si More sa iba't ibang uri ng pagpapahirap, hindi niya pinayagan ang makipag-ayós at talikuran ang "palagiang pagiging tapat sa lehitimong awtoridad at institusyon" na siya niyang ipinagkaiba; nangaral siya na halimbawa ang kanyang buhay at pagkamatay na "ang tao ay di maihihiwalay sa Diyos," *gayundin ang pulitika sa moralidad*. Iginalang ni More ang awtoridad ng kanyang hari, ngunit di niya matanggap ang pag-angkin ni Henry ng kataas-taasang espirituwal na awtoridad *(supreme spiritual authority)* sapagkat alam ni More ang kanyang tungkulin sa mas nakatataas na batas. Ang kaniyang sakripisyo ay hindi pasya upang igiit ang kanyang sarili. Iyon ay pagsunod sa mas nakatataas na awtoridad. Mauunawaan ito sa huling mga kataga ni More habang papalapit siya sa pagbibitayang entablado: "Mamamatay akong mabuting tagapaglingkod ng aking hari, ngunit una ang Diyos."

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

1.6.2 Pangulong Ramon Magsaysay (30 Disyembre 1953 – 17 Marso 1957) at kanyang mga katangian ang maalab nating hinahanap sa ating mga pinuno. Si Magsaysay ay pinagpipitagan at iginagalang ng mamamayan dahil sa kanyang kapayakan at kababaang-loob. Paniniwala niya na upang ang isang pamahalaan ay mamayani at maging makabuluhan, kailangan nito ang integridad at pagyakap sa tunay na mga mithiin ng mamamayan. Nang ang tiwala ng mamamayan sa kanilang pamahalaan ay nasa pinakamababang antas, si Pangulong Magsaysay ang nagpanumbalik ng pananalig ng taumbayan sa pamahalaan sa pamamagitan ng kanyang pagiging tapat at pagbibigay ng tapat na paglilingkod. Ang *Kredo ni Magsaysay*, na naglalaman ng sampung batayan at paniniwala kung saan nakabatay ang kanyang pilosopiya ng paglilingkod, ay may katangi-tanging kaugnayan sa kasalukuyang panahon na kung saan marami sa ating pinuno ang wala nang moral na gabay at manhid sa mga hinaing ng mamamayan.

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

1.6.2.1 KREDO NI MAGSAYSAY

- *Naniniwala ako na ang pamahalaan ay nagsisimula sa ibaba at kumikilos paitaas, dahil ang pamahalaan ay umiiral para sa kapakanan ng karamihan sa bansa.*
- *Naniniwala ako na silang may mababang antas ng pamumuhay ang silang dapat may mas higit na pagsasaalang-alang ng batas.*
- *Naniniwala ako na ang taong maliit ang dapat mabigyan ng karapatan na magkaroon ng higit pang pagkain, higit pang damit, at higit pang bubong na kanyang masisilungan.*
- *Naniniwala ako na ang bansang ito ay biniyayaan ng busilak at matabang puso, mga kakayahang hindi pa nalilinang at matibay na katatagan.*
- *Naniniwala ako na ang mataas at hindi nabubuwag na moralidad ang dapat maging laganap sa lahat ng gawaing pangpamahalaan.*
- *Naniniwala ako na ang pulso ng pamahalaan ay dapat malakas at matatag, at ang pinakapinuno ay dapat may taglay na misyonaryong kasiglahan (missionary zeal).*
- *Naniniwala ako sa karangalan ng mga konstitusyonal at legal na proseso, sa mga di dapat labagin na mga karapatang pantao.*
- *Naniniwala ako na ang komunismo ay isang labis na kawalan ng katarungan tulad ng karahasang dulot nito sa mga prinsipyo ng Kristyanismo.*
- *Naniniwala ako na ang Pangulo ang siyang dapat magbigay ng halimbawa ng pagkakaroon ng malaking puso, tapat na kaisipan, mabuting likas na ugali, malusog na pagtitimpi at pagmamahal sa pangkaraniwang mamamayan.*

UNANG BAHAGI: ANG KAPATIRAN PARTY

1.7 PAKSANG AWITIN *(THEME SONG)* NG AKP

Pananagutan

Walang sinuman ang nabubuhay, para sa sarili lamang.
Walang sinuman ang namamatay, para sa sarili lamang.

Koro:
Tayong lahat ay may pananagutan
Sa isa't isa.
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos
Na kapiling Niya.

Sa ating pagmamahalan, at paglilingkod sa kanino man,
Tayo ay nagdadala ng balita ng Kaligtasan.
(Koro)

Sabay-sabay ngang mag-aawitan ang mga bansa.
Tayo'y itinuring ng Panginoon bilang mga anak.
(Koro)

ni Fr. Eddie Hontiveros, SJ

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1 PANUNTUNAN NG EDUKASYON

- Ang paghalal ng mga mabuting pinuno ay nakasalalay sa uri ng mga botanteng mayroon tayo. Nakukuha natin ang mga publikong opisyal na nararapat lamang para sa atin. Ang kabutihang pag-uugali nila, o kakulangan nito, ay hindi lamang paghusga sa kanila kundi sa atin na rin. Ang bawat pulitikal nating pagpili ay may epekto rin sa ating pagkatao. Kaya't pangangailangang maturuan ang mga botante upang sa kanila na rin magmula ang panggagalingan ng mabubuti at moral na mapanilbihang pinuno *(servant leaders)*. *"Ang anumang mabuting punong-kahoy ay hindi magbubunga ng masama gayundin ang masamang punong kahoy, ng bungang mabuti."* **(Mateo 7:17-20)**.
- Ang susi sa mabuting pulitika ay mabuting pambansang pag-uugali. Ang mabuting edukasyon ay hindi lamang ang payak na pagkakaroon ng kaalaman, kundi, mas higit pa, ang pagtataguyod ng wastong pagkatao.

2.1.1 ANO ANG PAGKATAO

1. Pagkatao ang kabuuan ng matatag at kakaibang katangian na nagtatakda ng ating pagtugon sa mga sitwasyon.
2. Pagkatao ang nagsasaad kung sino tayo sa lahat ng oras at mga pangyayari.
3. Ang mabuti at matatag na pagkatao ang ating katulong sa paggawa ng tama, kahit na walang nakatingin.
4. Ang pinaka-mabisang sukatan ng ating pagkatao ay kung paano natin pinakikitunguhan ang mga di gumagawa ng mabuti sa atin, at kung paano natin pinakikitunguhan ang mga hindi makalaban.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

5. Lahat ng ating sinasabi at ginagawa, at lahat ng pinahihintulutan nating sabihin at gawin ng iba sa ating harapan, ay pinatitibay o pinaguguho ang ating pagkatao.
6. Kabataan ang huhusga sa ating mga pagpapahalaga, hindi sa pamamagitan ng ating sinasabi, kundi sa pamamagitan ng ating ginagawa at mga pinahihintulutan nating gawin nila. Tayo ay kanilang huhusgahan, hindi sa pamamagitan ng pinakamahusay na sandali sa ating buhay, ngunit ng ating pinakamasamang ginawa.
7. Tayo ay isinilang na may kanya-kanyang pagkatao, tulad ng pagkakasilang sa atin nang may kanya-kanyang katawan. Kinakailangan ng disiplina para hubugin ang bawat bahagi natin upang maging isang malusog na kabuuan ng ating pagkatao.
8. Ang mabibigat na pagpili, kung ang nakataya sa paggawa ng mabuti ay napakataas, ang siyang humuhubog ng pagkatao.

2.1.2 ANIM NA HALIGI NG PAGKATAO

1. Tiwala

a. Maging tapat at maaasahan.
b. Maging magiting upang magawa ang tama.
c. Itaguyod ng mabuting reputasyon.
d. Katapatan ang pinakamahalagang katangian ng isang pinuno.
e. Katapatan ay pinakamahalagang panuntunan.
f. Tiwala ay mahalaga sa pagtataguyod at pangangalaga ng panglipunang pamumuhay.
g. Panlilinlang ang pumapatay ng tiwala.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2. Paggalang

a. Sundin ang gintong aral – "Gawin sa kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo." (Mateo 7:12) o "Ang ayaw ninyo ay huwag ninyong gawin sa iba." (Rabbi Hillel)
b. Maging mapang-unawa sa mga pagkakaiba.
c. Gamitin ang mabuting ugali, hindi ang masamang salita.
d. Maging maunawain sa damdamin ng iba.
e. Huwag manakot, mamalo, o manakit ng sinuman.
f. Makitungo nang mapayapa sa harap ng galit, insulto at di-pagkakasundo.

3. Responsibilidad

a. Gawin ang mga tungkulin nang maayos.
b. Maging masikap sa ginagawa.
c. Ibagay palagi ang maaabot ng iyong kakayahan.
d. Gamitin ang pagtitimpi.
e. Maging disiplinado sa sarili.
f. Mag-isip bago kumilos: isaisip ang maaring maging bunga.
g. Maging mapanagutan sa iyong mga pagpapasya.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

5. Pag-aaruga

a. Maging mapagkaloob at ipakita na ikaw ay may malasakit.
b. Magpasalamat.
c. Magpatawad.
d. Tulungan ang mga nangangailangan.
e. Ipanalangin ang iba.

6. Pagkamamamayan

a. Tulungang gawin na mas mahusay ang inyong paaralan at baranggay.
b. Makipagtulungan
c. Manatiling maging maalam.
d. Bumoto.
e. Huwag ipagbili ang boto.
f. Maging mabuting kapitbahay.
g. Sumunod sa batas at alituntunin.
h. Pangalagaan ang kalikasan.

(Halaw sa kapahintulutan ng Josephson Institute of Ethics)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.3 PAGHUBOG NG PAGKATAO

- Ang paghubog ng pagkatao ay kinakailangan ng disiplina. Ang saligan at likas na kabutihang-asal na makagagabay sa wastong pakikitungo ay ang pagiging mahinahon, makatarungan, mapagtimpi at matatag ang loob. Sa mga ito nakakabit ang iba pang kabutihang-asal.
- Ang KAHINAHUNAN ay nakatutulong sa wastong pagsasabuhay ng mga prinsipyong moral sa partikular na mga pagkakataon, at sa paglutas ng anumang pag-aalinlangan kung ano ang mabuting gawin at kung ano ang masamang dapat iwasan.
- Ang KATARUNGAN ay binubuo ng pagiging di-pabago-bago at matatag sa pagbibigay ng nararapat sa Diyos at sa kapwa. Ang katarungan ay hinihingi sa bawat isa ang paggalang sa karapatan ng iba. Ang katarungan ay parehong layunin at likas na pangangailangan ng lahat ng pulitika.
- PAGTITIMPI ang nagpapahupa sa panunukso ng aliw at nagbibigay ng balanse sa loob ng mga limitasyon ng pagiging marangal.
- KATATAGAN ang nagpapanatili sa pagiging matibay sa harap ng mga pagsubok at pagiging di-pabago-bago sa pagtamo ng kabutihan. Kinakayanan nitong masugpo ang takot, kahit na kapalit ang pagtiwalag at pag-aalay ng sariling buhay maipagtanggol lamang ang layuning makatarungan.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.4.2 Pagbabalik sa mga Saligan

1. Pangalagaan at igalang ang dignidad ng tao.
2. Panatilihin ang kalinisan at kaayusan.
3. Magtanim at magpatubo ng punong-kahoy.
4. Magbayad ng buwis at bantayan ang paggamit nito.
5. Huwag payagan ang karahasan, pagsasamantala at katiwalian.
6. Itaguyod ang tapat na paggawá, payak na pamumuhay at pakikipagtulungan.
7. Ibahagi ang iyong mga biyaya.
8. Umayon sa katotohanan at sa kung ano ang patas.
9. Pangalagaan ang ating pinaghirapang kalayaan.
10. Maging bukas-palad sa pagtulong sa kapwa.
11. Igalang ang piso at ugaliing mag-impok.
12. Magtaguyod ng tahanan.
13. Itaguyod ang anumang maganda.
14. Pangalagaan ang pagka-sagrado ng balota.
15. Gawing matalik na kaibigan ang Panginoon.

(Sagip Ka 2000 Foundation, Inc.)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.4 PAGSASABUHAY NG MABUTING UGALI

2.1.4.1 Mabuting Asal at Wastong Pag-uugali

1. Sabihin ang "paki."
2. Gumawa ng kagandahang-loob palagi.
3. Kunin at gamitin lamang ang sapat na kailangan. Iwasan ang pag-aaksaya.
4. Magpakita ng paggalang sa nakatatanda at kababaihan. Magpakita ng paggalang sa mga taong may katungkulan.
5. Gawin ang mga tungkulin nang kaaya-aya at maagap.
6. Sabihing "Pasensiya ka na." Sabihing "Pasintabi po." Maging maingat sa pananalita. Makitungo nang mahusay. Iwasan ang walang kabuluhang usapan at tsismis.
7. Bumati nang magalang ayon sa oras ng araw. "Magandang umaga." "Magandang gabi." Makinig nang mabuti sa iyong kausap. Kapag pumapasok ng bahay, batiin ang may-bahay. Magpaalam nang mahusay sa paglisan.
8. Manamit nang maayos. Maging maayos at malinis sa iyong pagkatao.
9. Pumila. Maghintay sa iyong panahon na masilbihan.
10. Sabihin ang "Salamat."
11. Dumating nang takda sa oras. Ayusin ang iyong mga pakikipag-tipan.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.4.3 Labing-dalawang Munting Bagay na Maaaring Gawin ng mga Pilipino

1. Sundin ang mga batas trapiko. Sundin ang batas. Batas trapiko ang pinaka-simpleng batas. Ang pagsunod nito ay maaring maging pundasyon ng ating pambansang disiplina.
2. Humihingi ng opisyal na resibo sa tuwing makabili o makapagbayad ng kahit ano. Sa paghingi ng ORs mapupwersa ang mga negosyante na magbayad ng tamang buwis, na siyang magbubunga ng pagtaas ng koleksiyon nito para sa ating pamahalaan, na siyang magbubunga ng pagbabá ng utang sa ibang bansa. Sa katunayan, ang simpleng gawaing ito ay magdudulot ng kabit-kabit na mabubuting epekto na makakatulong sa pagkamit ng ating pag-unlad.
3. Huwag tangkilikin ang mga puslit na kalakal. Bumibili ng sariling atin. Tangkilikin ang Pilipino. Ang Amerika at Hapon – ang pinaka-malaking ekonomiya – ay masigasig na pinangangalagaan ang kanilang mga lokal na industriya. Batid nila na ang lakas ng kanilang ekonomiya ay nanggagaling sa lakas ng kanilang mga lokal na industriya. Dapat rin nating itaguyod ang ating mga lokal na industriya.
4. Ipahayag ang mga positibo tungkol sa ating sarili at bansa. Bawat Pilipino ay kinatawan ng ating bansa. Ang dila ng tao ay may kapangyarihang lumikha ng buhay. Ang mga positibong nating pananalita ay makapagbibigay pag-asa sa ating mamamayan at sigla sa ating bayan. Ang magpahayag ng positibo sa ating sarili at sa ating bansa – isang simpleng paraan na makakatulong sa Pilipinas.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

5. Igalang ang ating mga opisyal trapiko, kapulisan, sundalo at iba pang pampublikong tagapaglingkod. Ang paggalang at pagpipitagan ay mga palatandaan ng malalim na pinag-aralan. Kapag iginagalang natin ang iba, binigbiyang dangal at kapangyarihan natin sila na maging mas mahuhusay na indibiduwal. Ang paggalang ay umaani ng paggalang.
6. Huwag tayong magkalát. Itapon nang maayos ang basura. Ating paghiwalayin. Ating ulit-ulitin. Ating tipirin. Ang ating bansa ang ating tahanan, ating tirahan. Tayo ay nakaugnay sa ating kapaligiran sa makapangyarihang pananaw. Ang ating mga kilos ay may epekto sa kalikasan. Sa pamamagitan ng paghihiwalay, pag-uulit at pagtitipid, nahuhubog ang sariling disiplina at napapangalagaan ang kapaligiran.
7. Suportahan ang simbahan. Kung ang bawat isa sa atin ay magbibigay ng kahit 1% ng ating netong buwanang sahod sa ating kinabibilangang simbahan – Katoliko, Protestante, INC, Muslim o Buddhist man – mabibigyang kapangyarihan natin silang makatulong sa mahihirap at sa mga nakaligtaan na kasapi ng ating lipunan.
8. Tuwing halalan, gampanan natin nang taimtim ang ating tungkulin. Ang mabubuting mamamayan ay naghahalal ng mabubuting pinuno. Ang mabuting pamahalaan ay nagkapagtataguyod para sa atin ng mabuting lipunang ating minimithi. Ang paghalal ng wastong kandidato ay taimtim na tungkulin ng bawat mamamayan.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

9. Magpasahod nang wasto sa mga kawani. Sa pamamagitan nito, tinutugunan natin ang panawagan ng katarungan na ibigay ang nararapat; naipamamalas natin ang pagmamahal, paggalang at pagpapahalaga sa kanila. Ang mabuting pasahod sa mga kawani ay nangangahulugan ng mabuting kinabukasan para sa kanilang mga anak, kaya't katiyakan din ng magandang kinabukasan ng ating bansa. Ang tamang pasahod ay nakakatulong sa pagpapagaan ng kahirapan na siyang nakakapit sa ating bansa ngayon.
10. Magbayad ng buwis. Buwis ang dugo't buhay ng ating pamahalaan. Ito ang ginagamit na pambili ng mga pangunahing araling-aklat at pampagawa ng mga gusaling paaralan, pambili ng gamot, pambayad ng sahod ng mga kawani ng pamahalaan. Sa pamamagitan ng buwis, nakakatulong tayo sa nakararami nating mahihirap na kababayan.
11. Kumukupkop ng iskolar o maralitang bata. Kung ang bawat pamilyang may kakayahan ay kukupkop ng isang iskolar, ang milyon-milyon nating kabataan na wala sa paaralan ay maibabalik sa paaralan. Ang pamumuhunan sa kabataan ay pamumuhunan sa ating kinabukasan. Hindi malaking halaga ang kumupkop ng isang iskolar. Bilang Kristiyano, karapat-dapat pangalagaan ang mahihirap nating kabataan.
12. Mamuhay bilang mabuting magulang. Turuan natin ang ating mga anak na mahalin ang Diyos, ang ating bansa at sundin ang batas. Marapat na tayo'y magsimula sa ating mga tahanan. Ang pagigiging mabuting magulang ay isang bagay na magagawa natin sa pansariling antas para sa ating bayan. Ang uri ng kabataan na hinuhubog natin sa ating mga tahanan ay ang uri ng mga mamamayang magkakaroon ang ating bansa.

(Atty. Alex L. Lacson, *12 Little Things Filipinos Can Do To Help Our Country*.)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.5 MGA ARALIN SA EDUKASYON

2.1.5.1 Makataong Pagpili/Pagpapasya

- Kailangan ng ating lipunan ang isang malawakan at laganap na kamulatan. Ang unang layunin ng edukasyon ay hindi ang paghahanda sa mga kabataan sa kanilang karera kundi ang mapaunlad ang kanilang kamulatan sa paggalang sa buhay. Kaukulang mga aralín ang pagsasaalang-alang sa makatotohanang damdamin ng tao at ang pangangailangang gawin itong mas mainam at natutugunan; sa kalikasan ng pagmamahal at mga bagay-bagay na nagpapalakas o nagpapahina nito; sa karapatan na magkaroon ng kasarinlan *(right to privacy)* na mahalagang sangkap ng pamumuhay; at sa pangangailangang iwasan ang kawalang-damdamin na dahilan ng kalupitan. Panghuli, may pangangailangang mabigyan ang pamahalaan ng uri ng damdamin na maka-buhay, kasama ng mga kamangha-manghang posibilidad na dala nito na siyang dapat na tungkuling ipinaglalaban ng pamahalaan. (Norman Cousins. *Human Options, An Autobiographical Notebook*)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.5.2 Walang Sinumang Maaaring Maglingkod sa Dalawang Panginoon

- Ang tao ay lubos na mahirap unawain, binubuo ng katawan at kaluluwa, laman at diwa, mapag-nais sa aliw, ngunit makatwiran sa kanyang pag-iisip at pagpapahalaga. Ang uri ng ating pagkatao ay nakasalalay sa kung katawan o kaluluwa ang inuuna. 'Walang sinumang maaaring maglingkod sa dalawang panginoon.' Napakadaling hayaang mangibabaw ang katawan, pakiramdam at mahahalay na kaaliwan. "Bumigay" lamang. Ngunit napakahirap pangibabawin ang wastong diwa at ang kaluluwa at pagpapahalaga. Ito ay nangangailangan ng moralidad at pagdisiplina sa mababaw na mga pagnanais. (Archbishop Fulton J. Sheen. *Life is Worth Living*)

2.1.5.3 Paano Mahuhubog ang Pagkatao

- Walang pagkatao na nahuhubog nang walang anumang dinaanang paghihirap at pagtanggi at kahihiyan dala ng kasamaan. Makirot tulad ng byulin, kung ito ay may pakiramdam, na humihiyaw sa sakit kapag ang mga kwerdas nito ay binabanat. Ngunit bigkas ng byulinista, 'Mahal kong kwerdas, ito ay upang mabigyan ka ng mas mahusay na tono.' Kung ang isang bloke ng marmol ay nakakaramdam, aangal ito kapag ang sinsil ay tumatama, ngunit sasabihin ng manlililok, 'May magandang hugis sa loob mo, at ang dapat mo lamang gawin ay alisin kung ano ang magaspang, at ang nakapaloob na ganda ay mahahayag.' (Archbishop Fulton J. Sheen. *Life is Worth Living*)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.5.4 Panlipunang Tungkulin at Pangkalahatang Pagbabago

- Ang sibiko o panlipunang tungkulin sa ating panahon, aking mungkahi, ay binubuo ng tatlong mahalagang gawain. Ang una ay ang pagsisikap na maunawaan ang pangangailangan ng makabagong lipunan at makilahok nang may pananagutan sa sama-samang pamumuhay. Ang ikalawa ay ang makatulong na mabawasan ang paghihirap ng ating mga kababayan. Ang ikatlo ay ang pagpapanagot sa mga nagpapasya para sa atin.
- Ang tatlong elementong nabanggit ay magkaka-ugnay. Ang kakayahan natin na papanagutin ang mga nagpapasya para sa atin ay nakasalalay sa ating katapatan sa mga tungkulin bilang mga kasapi ng lipunan. Mag-aalinlangan tayong hingin sa iba ang mga bagay na tayo mismo ay bigong isabuhay. Malalagay lamang tayo sa alanganin at magiging inutil sa pagsusulong ng kung ano ang moral. Maaari rin na lubha tayong nakatutok sa ating personal na buhay kayat nakakaligtaan ang anuman nating kaugnayan sa ating komunidad o lipunan.
- Sa kasalukuyang panahon na ating kinalalagyan, ang unang tungkulin, sa aking pananaw, ay ang huwag mawalan ng pag-asa kundi ang magkaroon ng mas malawak na pang-unawa sa mga nagaganap sa ating mga sarili at sa ating bansa. Ang kawalan ng pag-asa ay isang mukha ng kalituhan at kaguluhan. Ang pagkukulang na maunawaan ang masalimuot na mga kaganapan ang siyang magdudulot ng kawalan ng mabisang pagkilos. Dapat tayong matutong mag-isip nang maagap at maging kritikal upang masimulan nating mabatid ang ating mga kabulagán at maituwid ang mga ito. Hindi dapat katakutan at harangan ang bago; sa halip, nararapat sundan ang bawat galaw nito at kaibiganin ito.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

- Ang makabagong lipunan na ating kinakaharap ay hinihingi ang ating pagiging tapat sa mga pinakasaligang alituntuning. Hindi mahirap unawain ang mga ito. Ano ang mga ito? Tatlong pangunahing bagay: (1) Pumila at maghintay sa iyong pagkakataon; (2) Alamin at sundin ang mga alituntunin; (3) Dumating sa tamang oras. Ang mga payak na patakarang ito ang magpapahintulot sa atin na matahak nang maluwag ang masalimuot na daan ng makabagong mundo. Walang kahit isang makabagong lipunan sa daigdig ngayon ang hindi mahigpit na nagpapatupad ng mga alituntuning ito. (Randy David's Column, *Philippine Daily Inquirer*, Jan. 30, 2008)

2.1.5.5 MGA KAWIKAAN

2.1.5.5.1 **Larawan ng Isang Masamang Tao** *(Portrait of a Scoundrel)*

Ang talampasan (salbahe), masamang tao,

Dala ang ngisi sa mga labi, kumikindat ang mata, hinihilahod ang mga paa, pinaglalaruan ang mga daliri.

Mapanlinglang ang kanyang puso, laging balak ang masama, nagtatanim ng pag-aaway.

Kapahamakan ang darating sa kanya, nang biglaan, nang walang bawian, babagsak rin siya.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.1.5.5.2 Pitong Bagay na Kasuklam-suklam sa Diyos

May anim na bagay na kinamumuhian si Yahweh, pito na kinapopootan Niya:

- *palalong anyo,*
- *sinungaling na dila,*
- *mga kamay na dumaranak ng dugo ng walang malay,*
- *pusong nagbabalák ng masasamang sabwatan,*
- *mga paang nagmamadali upang gumawa ng masama,*
- *huwad na saksi na nagsisinungaling sa bawat paghinga,*
- *taong nagtatanim ng gulo ng mga kapwa.*

2.2 EDUKASYONG PULITIKAL

2.2.1 HALIGI AT LAYUNIN NG PULITIKAL NA LIPUNAN

- Ang tao ang haligi at hangad ng buhay pulitika. Napagkalooban ng rasyunal na kaisipan, ang tao ay nananagot sa kaniyang mga pagpili at may kakayahang isulong ang mga panukalang nagbibigay kahulugan sa buhay sa antas na individual at lipunan.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.2.1.1 Ang Barangay

- Ang Republika ng Pilipinas ay binubuo ng humigit kumulang sa 40,000 barangay. Sa ilalim ng *Local Government Code of 1991*, ang barangay ang nagsisilbing pangunahing pangkat sa pagbalangkas ng patakarang pampamahalaan, mga binabalak, mga programa, mga proyekto at mga gawain sa komunidad, at nagsisilbing sanggunian kung saan ang kolektibong kuro-kuro ng mamamayan ay ipinahahayag, binubuo at isinasaalang-alang, at kung saan ang anumang di-pagkakaintindihan ay napagkakasunduan nang matiwasay. Nararapat na magkaroon ng pananaw/pangarap *(vision)* ang bawat barangay tulad ng nararapat na pagkakaroon ng pananaw/pangarap ang bawat pamilya, at ang pananaw/pangarap na iyan ay ang magkaroon ang bawat *barangayeño* na maranasan ang ganap na buhay sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos at paglilingkod sa kapwa kung saan ay walang sinumang magugutom, kung saan ang lahat ay may bubong na masisilungan, kung saan ay walang sinumang lalabas sa kanyang barangay upang manglimos o magbenta ng sigarilyo at iba pang bagay sa kalsada, kung saan ang lahat ay magkakaroon ng desenteng buhay at libing na marangal.
- Kaya't mahalaga na malaman, maunawaan at aktibong makilahok ang lahat ng *barangayeños* sa pagpapanibago ng landas at pamamaraan ng pamamahala sa kanilang pamayanan tungo sa pangkalahatang kabutihan. Ang barangay ay may sariling sinasakupan, kayamanan at pamunuan; at sariling pamahalaan na may tatlong sangay.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

- Upang mabisang makapagtulungan ang mga *barangayeños*, kinakailangang magkaroon ng talá ang barangay na nagpapakita ng kabuuang populasyon, sinasakupan, bilang ng mga pamilya, bilang ng mga anak sa bawat pamilya, bilang ng kabataan na nasa mababang paaralan, mataas na paaralan at kolehiyo o unibersidad. Gayundin ang listahan ng mga *barangayeños* na walang trabaho at kulang ang trabaho, at yaong mga obrero (hal. mga drayber, karpintero, tubero, atbp.) na dapat ay laging naroroon sa *barangay hall* at ibang akmang lugar sa barangay upang makapaghanap-buhay sa bawat pagkakataong may opportunidad.

2.2.2 MGA KATANGIAN NG RESPONSABLE/MAPANAGUTANG PARTIDO PULITIKAL

- Ang isang partido pulitikal ay responsible/mapanagutan kapag:
  a. ang mga pinuno at kasapi nito ay tapat sa at itinataguyod ang mga batayang prinsipyo, plataporma, at alituntuning pag-uugali ng Partido, at nagsasagawa ng tunay na mga hakbang upang isakatuparan ang katotohanang "pamahalaan ng mamamayan, batay sa mamamayan, para sa mamamayan";
  b. may kaagapay itong programang pang-edukasyon;
  c. dinidisiplina nito ang mga nagkakamaling kasapi;
  d. ang mga kandidato nito ay hindi nakikisangkot sa pulitika ng salapi, baril at matón;
  e. ang mga kandidato nito ay hindi bumibili ng boto;

f. itinataguyod nito ang alituntuning "Unahin ang Dapat Unahin" *(First Things First)*;

g. itinataguyond nito ang mga prinsipyo at patakaran na nakapaloob sa Saligang Batas ng Pilipinas;

h. itinataguyod nito ang ligtas, malinis at kaaya-ayang kapaligiran;

i. itinataguyod nito ang panlipunang katarungan, paggalang, at respeto sa buhay;

j. itinataguyod nito ang aktibong pakikilahok nang walang karahasan at progresibong pagdidis-arma.

2.2.3 PULITIKA – ANO ITO, ANO DI DAPAT ITO

- Ang pulitika ay ang kasanayan sa pamamahala at pampublikong paglilingkod. Ayon sa Vatican II, ang pulitika ay "mahirap ngunit napakadakilang pamamaraan" (*Gaudium et Espes, 75*). Layunin nitong matamo ang hangarin ng Estado.
- Ang pulitika, sa pinakamalawak na pananaw, ay ang *masiglang kapisanan ng lipunan para sa pangkalahatang kabutihan.* Kaya nga't *panawagan ng pulitika ang mapanagutan at aktibong pakikilahok ng lahat ng mamamayan.* (Congregation for Religious and Secular Institutes, Religious Life and Human Promotion, 1980, no. 12)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

- Ang pulitika ay ginagamit din para sa pulitika ng magkakapanig *(partisan politics)*, ang kompetisyon upang maipanalo o mapanatili ang kapangyarihan sa pamahalaan. Sa kamalayang ito, ang mga kaparian at relihiyoso ay pinagbabawalan ng batas ng simbahan na lumahok sa pulitika ng magkakapanig. (*Catechism on Church and Politics*, CBCP)
- Ang pulitika, bilang makataong gawain, ay may banal at moral na dimensyon na hindi maaaring pawalang-bahala ng ating pananampalataya. (CBCP)
- Ang pulitika, sa kasarinlan nito, ay hindi marumi. Ito ay mabuti. Ito ay itinalaga para sa kabutihan ng mga tao. Ang mga tao lamang na nagpapatakbo ng pulitika ang siyang nagpaparumi nito. (Cardinal Jaime L. Sin)
- Ang pulitika ay isang bokasyon. Ito ay mahalagang bokasyon tulad ng pagiging pamilyadong tao, magulang, manggagamot, o pari. Ang pulitika ay kasing-halaga ng buhay pamilya, ng ekonomiya at ng relihiyon. Nalulungkot ako kapag tinutuligsa ng mga tao ang pulitika ayon sa kamulatan nila nito. Walang masama sa pulitika. Ang masamang pulitika ang nais nating alisin sa ating buhay bilang bansa, hindi ang mismong pulitika. Ang pulitika ay hindi maaring iwasan. Tayo ay namumulitika sa pang-araw-araw nating buhay, na hindi natin napupuna. Kaya't ang pulitika ay isang mahalagang sangkap ng ating kolektibong buhay. (U.P. Professor Randy David sa pagsasalita sa pulong ng Ang Kapatiran Party noong ika-4 ng Setyembre, 2004)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

- Kasama sa pulitika ang paggamit ng kapangyarihan. Kung papaano ginagamit ang kapangyarihan ay may mga moral na kahihinatnan. Bilang mga mamamayang Katoliko, mayroon tayong tungkulin ayon sa Ebanghelyo na pairalin ang katarungan sa pamamagitan ng mga pambansang patakaran. Kung papaano natin isinasabuhay ang ating pananampalataya bilang Katoliko ay may implikasyon sa moralidad ng ating bansa at sa pansariling kaugnayan natin sa Diyos. (Archbishop Charles J. Chaput. Denver, Colorado)
- Hustisya ang layunin at likas na hangarin ng pulitika. Ang pulitika ay higit pa sa pagiging kasangkapan lamang sa pagtatakda ng mga alituntunin ng pampublikong buhay. Ang pinagmulan at layunin nito ay ang hustisya, na may likas na patungkol sa etika... Ang makatarungang lipunan ay tagumpay ng pulitika, hindi ng Simbahan... Ang may tahasang tungkulin na magsagawa ng makatarungang pagbabalangkas ng lipunan ay naayon sa mga mananampalatayang layko... Naunawaan na natin na ang paghubog ng mga makatarungang istruktura ay hindi tahasang tungkulin ng Simbahan, kundi ng pulitika na siyang kalipunan ng malayang paggamit ng katwiran *(reason)*. Ang Simbahan ay may di-tahas na tungkulin sa puntong ito, sa dahilang may panawagan sa kanyang tumulong sa pagpapadalisay ng katwiran *(purification of reason)* at tuwinang ipamulat kung ano ang moral na, kung wala ang mga ito, ang mga makatarungang istruktura ay hindi maitataguyod at hindi magiging makabuluhan sa kalaunan. (Pope Benedict XVI. *Deus Caritas Est*)

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.2.3.1 Pulitika ng Kabutihang Asal *(Politics of Virtue)*

- Ang paglinang ng mabuting asal ay nagbubunga ng masaya, matalino, magiting, at may-kakayahang pagkatao. Ang bunga ay mabuting pagkatao, responsableng mamamayan at magulang, mapagkakatiwalaang pinuno. Kung hindi mabuti ang taong-bayan, hindi maisasaayos ang lipunan. At kung hindi mabuti ang lipunan, hindi makakamit ng tao ang kanyang mithiin o pangkalahatang kabutihan. Ito ang ibig sabihin ng *pulitika ng kabutihang-asal*.

2.2.3.2 Pulitika ng Panunungkulan *(Politics of Duty)*

- Kung gagawin lamang ng bawat isa ang kanyang tungkulin, wala nang dahilan ang sinuman na ipagdiinan pa ang kanyang karapatan. Labis ang paggiit sa mga karapatan, nagkakaligtaan naman ang mga pananagutan. May pangangailangang buhayin muli ang kaisipan na ang maliliit na pagmamalasakit ay nakalilikha ng kabutihan para sa lahat. Marapat tandaan na "bagamat bawat isa ay may karapatang gawin ang nais para sa sarili, lahat ay kolektibong nananagutan sa daigdig na kanilang ginagalawan."

2.2.3.3 Pulitika ng Pangangalaga *(Politics of Stewardship)*

- Ang pulitika ng pangangalaga ay hindi lamang uri ng pamumuhay, ito ay mabuting uri ng pamumuhay. Sa katotohanan at para sa nakararami, ito ang daan patungo sa mas mabuting buhay. Bilang mga Kristiyanong tagapangalaga, tinatanggap natin nang may lubos na pasasalamat ang mga biyaya ng Diyos, ibinabahagi nang makatarungan ang mga ito sa ating kapwa, at ibinabalik nang mas higit pa ang mga ito sa Diyos. Ang pangangalaga ay pagpapahintulot sa Diyos na pagharian ang ating buhay, ipagkaloob ng lahat sa Kanya, kabilang ang ating oras at salapi.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.2.3.4 Pulitikang Bukás/Hayág at May Publikong Pananagutan *(Politics of Transparency and Public Accountability)*

- Ang pulitikang bukás at mapanagutan ay karapatan ng mamamayan na sapilitang hingin sa pamahalaan at mga nanunungkulan. Ang pagiging bukás at mapanagutan ay mahalaga sa pagpapatakbo ng modernong ekonomiya at sa pagpapaunlad ng lipunan. Ang kawalan naman nito ay hahantong sa kakulangan ng tiwala sa pagitan ng pamahalaan at mga pinamamahalaan o nasasakupan. Ang bunga nito ay lipunang walang katatagan at ekonomiyang hindi akmá sa pag-unlad.

2.2.4 SALIGANG BATAS NG PILIPINAS

- Ang mga sumusunod na bahagi ng Saligang Batas ng Pilipinas ay isang paglalarawan ng malaking puwang sa pagitan ng isinasaad nito at ng kasalukuyang kagawian.
- **Artikulo II, Pahayag na mga Prinsipyo**
  - **Seksyon 1.** Ang Pilipinas ay isang demokratiko at republikanong Estado. Ang kataas-taasang kapangyarihan ay nananahan sa mamamayan at ang lahat ng kapangyarihan ng pamahalaan ay nagmumula sa kanila.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

- **Seksyon 2.** Ang Pilipinas ay itinatakwil ang digmaan bilang instrumento ng pambansang patakaran, tinatanggap ang mga pangkalahatang prinsipyo ng pandaigdigang batas bilang bahagi ng batas ng kalupaan at sumusunod sa patakaran ng kapayapaan, pagkakapantay-pantay, katarungan, kalayaan, pakikipagtulungan, at pakikipagkaibigan sa lahat ng mga bansa.
- **Seksyon 3.** Ang sibilyang awtoridad ay, sa lahat ng oras, pinakamataas sa ibabaw ng militar. Ang Hukbong Sandatahan ng Pilipinas ang tagapagtanggol ng mamamayan at ng Estado. Layunin nito ang gawing ligtas ang soberanya ng Estado at ang integridad ng pambansang teritoryo.
- **Seksyon 4.** Ang pangunahing tungkulin ng Pamahalaan ay paglingkuran at pangalagaan ang mga mamamayan. Ang Pamahalaan ay maaaring tawagin ang mga mamamayan upang ipagtanggol ang Estado at, sa pagpapatupad nito, lahat ng mga mamamayan ay maaaring kailanganin, sa ilalim ng mga kondisyong isinasaad ng batas, na magbigay ng serbisyong personal, militar o sibil.
- **Seksyon 5.** Ang pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan, ang pangangalaga ng buhay, kalayaan, at ari-arian, at pagtataguyod ng pangkalahatang kabutihan ay mahalaga para sa kapakinabangan ng lahat ng mamamayan ng mga biyaya ng demokrasya.
- **Seksyon 6.** Ang pagbubukod ng Simbahan at Estado ay hindi malalabag.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

- **Mga Patakaran ng Estado**
  - **Seksyon 10.** Ang Estado ay itataguyod ang panlipunang katarungan sa lahat ng yugto ng pambansang pag-unlad.
  - **Seksyon 11.** Ang Estado ay pinahahalagahan ang dignidad ng bawat tao at tinitiyak ang lubos na paggalang sa mga karapatang pantao.
  - **Seksyon 12.** Ang Estado ay kinikilala ang kabanalan ng buhay pampamilya at pangangalagaan at patatatagin ang pamilya bilang pangunahin at may kasarinlan na institusyong panlipunan. Kapwa nito pangangalagaan ang buhay ng ina at ang buhay ng mga hindi pa isinisilang mula sa pagkabuo nito. Ang likas at pangunahing karapatan at tungkulin ng mga magulang sa paghubog ng kabataan para sa sibikong kasanayan at sa pagpapaunlad ng kanilang pagkatao na may moralidad ay tatanggap ng suporta ng Pamahalaan.

- **Artikulo XI. Pananagutan ng mga Pampublikong Opisyal**
  - **Seksyon 1.** Ang pampublikong tanggapan ay pampublikong tiwala. Ang mga pampublikong opisyal at mga kawani ay dapat, sa lahat ng oras, maging mapanagutan sa mamamayan, maglingkod nang may pinakamataas na panunungkulan, integridad, katapatan, at kahusayan; gumanap sa paraang makabayan at makatarungan, at manguna sa pamumuhay nang katamtaman.

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.2.5 KATAAS-TAASANG KAPANGYARIHAN NG MAMAMAYAN – ANO ANG KAHULUGAN NITO

- Bilang makapangyarihang mamamayan mayroon tayong tungkulin at karapatan na sabihin sa mga partido at mga kandidato kung ano ang dapat nilang gawin para sa atin at sa kabutihang panglahat. Kaya't dapat nating ihayag ang ating mga kolektibong mithiin sa mga partido pulitikal at kanilang mga kandidato.
- Bilang paglalarawan, nagbigay ang amo ng P3,000 sa kanyang katulong at sinabi sa kanya katulong na pumunta sa palengke at bumili ng mga gamit para sa bahay. Ang katulong ay nagtungo sa palengke ayon sa iniutos. Ang katulong ay bumili ng mga gamit na gusto niya. Umuwi siya sa bahay at ipinakita sa kanyang amo ang kanyang nabili. Nagalit ang amo at sinabi sa katulong, "Wala kang binili na gusto ko." Ang katulong ay sumagot, "Huwag kang magalit, hindi ko iyan kasalanan. Hindi mo ako binigyan ng listahan ng nais mo na aking bilhin."
- Sa kwentong ito, ang amo ay walang iba kundi ang mga mamamayan at ang katulong ay ang opisyal ng pamahalaan. Ang mga hinalal at itinalagang opisyal ay ang mga katulong ng taong-bayan, at hindi natin dapat hayaang kalimutan nila ito.
- Sa mga pangungusap ni Hukom Isagani A. Cruz, *"Ito ang tungkuling dapat na nating gampanan ngayon nang may tapang na matagal na nating pinabayaan. Ito ay tulad ng bombang sasabog anumang oras na dapat alisan ng mitsa bago ito pumutok at makawasak sa ating lahat. Dapat nating igiit ang ating kataas-taasang kapangyarihan na kagustuhan laban sa mga masasamang tao na pinadugo hanggang matuyo ang bayan. Ito ang tungkuling hindi na makapaghihintay pang magampanan."*

IKALAWANG BAHAGI: EDUKASYON

2.2.6 RESPONSIBILIDAD NG MGA BOTANTE

- Ang botante ay dapat suriin ang lahat ng kandidato, mga patakaran, mga partido at plataporma nito sa kung paano pinangangalagaan o sinisira ng mga kandidato ang buhay, at ang dignidad at mga karapatang pantao – kung pinangangalagaan nila ang mahihirap at mahihina, at isinusulong ang kabutihang panglahat. Hindi dapat ipagbili ng botante ang kanyang boto.
- Kung makikita ng botante ang kanyang mga pangarap at mithiin (halimbawa, **walang** *pork barrel*, dinastiyang pulitikal ng mga pamilya, sugal; **mayroong** kapayapaan batay sa pagmamahalan, katarungan, pagkaka-isa, aktibong pakikilahok na walang karahasan at progresibong pagdidis-arma, pagbabawal sa pagdadala ng baril sa mga pampublikong lugar na ang paglabag ay may katapat na mabigat na parusang walang patawad o *parole*) na nakapaloob sa plataporma ng partikular na partido kung saan ang mga kandidato nito ay sama-sama at nagkakaisa sa parehong platarporma, dapat ihalal ng botante ang lahat ng kandidato ng partidong iyon.
- Sa sistema ng ating pamahalaan, ang mga batas ay ipinapasa o pinawawalang-bisa ayon sa patakaran ng mayorya, o sa mga espesyal na pagkakataon ay ayon sa kinakailangang bilang ng botong makukuha. Kung sa gayon, upang mangyari at matamo ang mga hinahangad ng mga botante, halimbawa, nang naaayon sa mga prinsipyo at plataporma ng AKP, kinakailangan ng *Kapatiran na Pangulo, Kapatiran na Pangalawang Pangulo, Kapatiran na Senado, Kapatiran na Mababang Kapulungan ng Kongreso*, at mga *Kapatiran ng Lokal na Gobyerno*.

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

3.1 PAGBUBUKOD NG SIMBAHAN AT ESTADO

- *"Kapag ang pagbubukod ng Simbahan at Estado ay nagsimulang mangahulugan na paghihiwalay ng pangrelihiyong paniniwala at pampublikong buhay, ating sinisimulang ihiwalay ang pamahalaan sa moralidad at mga mamamayan sa kanilang mga konsyensya. At iyan ay nagbubunga ng pulitika na walang pagkatao (politics without character), na ngayon ay isang pambansang salot."* (Archbishop Charles J. Chaput, Denver, Colorado. *Render Unto Caesar: Serving the Nation by Living Our Catholic Beliefs in the Political Life*)
- Ang pagbubukod ng Simbahan at Estado ay mariin na itinakda ng Salingang Batas ng 1987 na may patukoy sa dalawang punto lamang:
  1) **Walang relihiyon na maaring itatag bilang opisyal na relihiyon ng Estado.**
  2) **Ang Pamahalaan ay hindi itatangi ng isang relihiyon nang higit sa iba.**
- Maliwanag ang katotohanan na wala saan man sa Saligang Batas ang nagsasaad na ipinagbabawal sa mga kaparian at relihiyoso ang pakikilahok sa pulitika ng magkakapanig *(partisan politics)*. Ang mga batas ng Simbahan at tradisyunal na karunungan lamang ang nagbabawal sa ganoong pakikilahok.

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

- Kadalasan, ang pagbubukod ng Simbahan at Estado ang idinadahilan. Ang pagbubukod na ito ay hindi dapat gamiting dahilan laban sa pakikilahok at pakikisangkot ng Simbahan sa paghubog ng pulitika ng bansa. Sa halip, nagangahulugan na ang mga Obispo, Kaparian at Layko ay kinakailangang makisangkot sa larangan ng pulitika kapag ang moralidad at mga Ebanghelyong pagpapahalaga ay nanganganib. Sabi ng Papa, "*Ang Simbahan ay naghahangad na makatulong sa paghubog ng kaisipan sa buhay pulitikal at mapasigla ang mas malawak na maliwanag na pagkaunawa sa tunay na hinihingi ng hustisya.*"

3.2 BAKIT KAILANGANG MAKISANGKOT NG SIMBAHAN SA PULITIKA

- Ang tao ay iisa. Hindi magagawang paghiwalayin ang espirituwal sa pisikal. Kung ano ang tao ay dapat kabilang kung ano ang ginagawa niya.
- Ang pananampalataya at buhay ay hindi maaring paghiwalayin sa isa't-isa. Kung paano ang ating pamumuhay ay dapat sinasalamin kung ano ang ating paniniwala, at kung ano ang ating paniniwala ay dapat maging gabay ng ating pamumuhay.
- Ang relihiyon ay hindi maaring ihiwalay sa pulitika sapagkat ang pananampalataya ay may anyo at makasaysayan.

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

- Sabi ni Karl Barth, isang *Swiss theologian*, *"Ang Simbahan ay tumitigil sa pagiging Simbahan kapag itinatatwa niya ang mga suliraning pulitikal ng kapanahunan. Lahat ng ito ay nangangailangan ng ganap na bagong saloobin tungkol sa kaugnayan ng relihiyon sa pulitika… Sa kasabihan na ang relihiyon at pulitika ay hindi naghahalo, ang mga kritiko ng Simbahan ay nakakaligtaan ang katotohanan na ang Ebanghelyo ay punó ng pagpapatunay ng paglilingkod ni Hesus, na ipinaglalaban ang mahihirap at ipinagtatanggol ang mga karapatan ng mga kapos-palad at pinagkaitan ng lipunan. Hindi ito maaring pakahulugan na pagiging di-maka-pulitikal (apolitical)."*

3.2.1 RESPONSIBILIDAD NG SIMBAHAN NA ITAGUYOD ANG KAISIPANG PANGKATARUNGAN

- *Gayunman at hindi kagyat na tungkulin ng Simbahan ang magsagawa ng gawaing pulitikal na nagtataguyod ng makatarungan at maayos na lipunan, may katungkulan siyang makibahagi, sa pamamagitan ng paghubog ng pagpapahalaga, tungo sa pag-unawa ng hiningi ng hustisya at mga pulitikal na pamamaraan upang makamit ito.*
- *"Ang simbahan ay hindi maaari at hindi dapat sariling pangunahan ang labanan sa pulitika upang makamit ang pinakamakatarungang lipunan. Hindi niya maari at hindi niya dapat palitan ang Estado. Ngunit sa kabilang dako, hindi siya maaari at hindi siya dapat manatiling nasa tabi lamang sa pakikipaglaban para sa katarungan.*
- *"Ang Simbahan ay kailangang gampanan ang kanyang tungkulin sa pamamagitan ng makatwirang pagpapaliwag at kailangan niyang gisingin ang espirituwal na kasiglahan, na kung wala, ang hustisya na palagiang nangangailangan ng personal na pagpapakasakit ay hindi mangingibabaw at uunlad.*

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

- *"Ang makatarungang lipunan ay nararapat na tagumpay ng pulitika, hindi ng Simbahan. Ganun pa man, ang pagtataguyod ng hustisya sa pamamagitan ng pagsisikap na mabuksan ang isipan at kalooban para sa pangkalahatang kabutihan ay bagay na malalim na pagmamalasakit ng Simbahan.*
- *"Naunawaan na natin na ang paghubog ng mga makatarungang istruktura ay hindi tuwirang tungkuln ng Simbahan kundi ng daigdig ng pulitika, na kalipunan ng paggamit ng katwiran nang may kasarinlan.*
- *"Ang tuwirang tungkulin na magsagawa ng makatarungang pagbabalangkas ng lipunan, sa kabilang banda, ay naayon sa mananampalatayang layko. Bilang mga mamamayan ng Estado, sila ang may panawagang makisangkot sa pampublikong buhay sa personal na kakayahan."* (Pope Benedict XVI, Encyclical Letter, *Deus Caritas Est.*)

3.2.2 GAMPANIN NG KAPARIAN SA MUNDO NG PULITIKA

- Ang kaparian at relihiyoso ay hindi inaako ang pamumuno sa daigdig ng pulitika at pangangalakal. Hindi ito ang kanilang gampanin. Ang kanilang gampanin ay bigyan ang layko ng mga kasangkapan *"upang mag-isip at kumilos bilang alagad ni Hesukristo, sa pamamaraang may paggabay ng turo ng Simbahan."* At gawain ng Katolikong layko ang *"baguhin ang pag-iisip ng kanilang partido pulitikal at mga pinuno sa pulitika gamit ang kanilang Katolikong pananampalataya... Kung ang mga Katolikong layko ang patnugot ni Hesukristo sa pampublikong larangan, tayo namang mga pari ang dapat maging patnugot ni Hesukristo sa buhay ng ating mga tao."* (Archbishop Charles J. Chaput)

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

- Ang mga Obispo ng Pilipinas ay hinikayat ang mga mananampalataya na samahan sila *"sa iisang pasya na linisin at panibaguhin ang nakita na natin na isa sa pinaka-nakawawasak na aspeto ng ating pambansang buhay – ang uri ng ating pulitika ngayon,... Ang sinumang taimtim na naniniwala sa Diyos ay hindi mapapayagan ang kalagayan ng ating pambansang pulitika na magpatuloy ng ganito. At sa katotohanan, mayroong tungkulin ang Kristiyanong Katoliko para sa pagpapanibagong-anyo ng pulitika ayon sa Ebanghelyo. Ang Simbahan, ang sambayanan ng Diyos, ay dapat mangaral o baguhin ang pulitika. Panawagan ng Diyos sa Simbahan ang mangaral ng integral na Ebanghelyo, ang Ebanghelyong kalakip ang lahat ng panlipunang dimensiyon nito. Dapat makaimpluwensiya ang Ebanghelyo sa bawat yugto ng buhay, sa bawat bahagi ng lipunan, upang maibalik ang lahat ng bagay kay Hesus... Ang tuwirang pakikilahok sa pulitika ay katangi-tanging tungkulin ng mga layko ng Simbahan. Tiyak na tungkulin nila ang pagpapanibago ng mundo nang naaayon sa mga alituntunin at pagpapahalaga sa Ebanghelyo. Sa kabilang dako, tiyak na tungkulin ng pamunuan ng Simbahan na turuan nang may pag-uutos kung ano ang paniniwala ng Simbahan o pinanghahawakan nito tungkol sa pulitika."* (CBCP Pastoral Exhortation on Philippine Politics, 1997)

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

3.3 PAGKAKAISA NG RELIHIYON AT PULITIKA

- Lahat ng mga katwiran sa Kristiyanong pakikisangkot sa pulitika ay sinuring mabuti ni J.G. Davis, isang propesor ng teolohiya sa Unibersidad ng Birmingham, England. Sapat nang bigyang pansin ang ilan sa kanyang mga pangunahing sinabi. "Ang pulitika, na malayong maging kalingatan sa kung ano ang espirituwal, ay daan kung saan minamahal natin ang ating kapwa at itinataguyod ang katarungan, kapayapaan at mga pantaong karapatan. Ang mamamayan ay pulitikal sapagkat ang kanilang pang-araw-araw na kalagayan ay nakapaloob sa mga istrukturang panlipunan na kanilang ginagalawan. Hangga't hindi natin niyayakap ang Pagkakatawang-tao *(Incarnation)* nang taimtim, hindi natin masisimulang maunawaan ang ugnayan ng relihiyon at pulitika. Nang si Kristo ay pumasok sa kasaysayan ng sangkatauhan, naging lubos na kaisa natin Siya. Kaya nga't tulad ng Mundo ng Pagkakatawang-tao *(Incarnate World)* , lahat ng Kristiyano ay nararapat na makisangkot sa lahat ng aspeto ng buhay, kasama ang pulitika, ang banal at ang sekular, sapagkat si Kristo ay dumating upang: *Ipangaral ang Mabuting Balita sa mahihirap, ipahayag ang kalayaan sa mga bihag at palayain ang mga naaapi*. (Lk 4:16) Ang malasakit sa kahirapan, kalayaan at pang-aapi ay palatandaan ng malalim na relihiyoso at pulitikal na pakikisangkot sa buhay. Gaya ng itinuturo ng Banal na Kasulatan, ang pakikiisa sa ating kapwa sa mga materyal na bagay ay isang katotohanan ng ekonomiya (1 Jn 3:17f; Jas 2:21)… Kung ang Simbahan ay tandá ng pagtubos, nararapat lamang na maging behikulo ito sa makamundo at gayun din sa relihiyosong kaligtasan, kung hindi naman ang mensahe nito ay hindi tunay – isang opyo para sa taong-bayan. Ang Kristiyanong pamumuhay, kung gayon, ay di maaaring isabalangkas sa pansarili at di-makapulitikal na gawain." (*Swords and Ploughshares*. Patrick JO'Mahony)

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

3.4 PULITIKA BILANG BOKASYON NG KRISTIYANONG LAYKO

- Pinagtibay ni Pope Benedict XVI noong ika-11 ng Setyembre 2008 ang papel ng layko sa pulitika nang tanggapin niya ang mga obispo ng Paraguay. Kanyang sinabi: *"Ang malaking bahagi ng bokasyon ng Kristiyanong layko ay ang kanilang pakikilahok sa pulitika. Ang papel ng layko sa temporal na buhay, lalo na sa pulitika, ay susi para sa ebanghelisasyon ng lipunan."*
- Ang panawagan ng Ikalawang Konsilyo Plenaryo ng Pilipinas (PCP-II) noong 1991 sa mga layko ay na *"aktibong pakikilahok at pangunguna sa pagpapanibago ng pulitika nang naaayon sa mga pagpapahalaga ng Mabuting Balita ni Hesus"* ay malakas at malinaw. *"Sa pamamagitan ng layko tuluyang nakikisangkot ang Simbahan sa pulitika."*

3.5 MGA DOKTRINA TUNGKOL SA PAKIKILAHOK NG MGA KATOLIKO SA BUHAY PULITIKA

3.5.1 PAGKAKANYA-KANYA *(RELATIVISM)*

(mula sa Compendium of the Social Doctrine of the Church)

- Mayroong bagong pagkakanya-kanya sa ating kasalukuyang kultura na tinatanggap ang "pagkakanya-kanya ng etika" *(ethical relativism)* bilang "kalagayan ng demokrasya." Ito ang doktrina na nagsasaad na ang bawat pananaw ay may pare-parehong halaga at katotohanan, at na "walang batas moral na nakaugat sa kalikasan ng pagkatao, na siyang dapat impluwensyihan ang pang-unawa ng tao, ng pangkalahatang kabutihan at ng kalagayan.

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

3.5.2 DEMOKRASYA

(mula sa Compendium of the Social Doctrine of the Church)

- Ang demokratikong buhay ay hindi magiging produktibo nang walang aktibo, responsable at mapagkaloob na pakikilahok ng lahat.
- Ang demokrasya ay dapat nakabatay sa makatotohan at matatag na sandigan ng di-natatawarang etikal na mga prinsipyo, na siyang pundasyon ng buhay panlipunan.
- Habang ang demokrasya ang pinakamahusay na pahayagan ng tuwirang pakikilahok ng mga mamamayan sa mga pulitikal na pagpapasya, nagtatagumpay lamang ito sa abot na nakabatay ito sa tamang pagkaunawa ng taong persona. Ang Katolikong pakikilahok sa buhay pulitikal ay hindi maaring itanggi ang prinsipyong ito.
- Ang demokrasya kailaman ay hindi maaring maging dahilan sa pagkakaroon ng mga patakarang likas na imoral.
- Hindi kailanman magkakaroon ng demokrasya kung walang kagandahang-asal, at hindi kailanman magkakaroon ng makataong gawa na hiwalay sa batas na moral.

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

3.5.3 KALAYAAN

- (mula sa Compendium of the Social Doctrine of the Church)
- Ang kalayaang pulitikal ay hindi – at hindi dapat – ibatay sa kanya-kanyang pananaw na ang lahat ng bungang bagay ng taong persona ay may pare-parehong halaga at katotohanan; kundi, sa katotohanang ang pulitika ay may pagsasaala-alang sa mga kontretong pagtamo ng makatao at maka-lipunang bagay sa konteksto ng kasaysayan, kinalalagyan, ekonomiya, teknolohiya at kultural.
- Ang tunay na kalayaan ay hindi umiiral nang walang katotohanan. Ang katotohanan at kalayaan ay nararapat na magka-ugnay o kung hindi ay parehong maglalaho lamang sa hinagpis na magkasabay.
- Ang kalayaan ang pinakamataas na palatandaan ng tao ng kanyang pagkalikha kahawig ng banal na kaanyuan at, sa gayon, ay palatandaan din ng dakilang dignidad ng bawat isa.
- Sa isang banda, ang kalayaan ay dapat ding ipahayag bilang kakayahan na tanggihan kung ano ang imoral, sa anumang pagkukunwari nito.
- Ang kalayaan ay nagbibigay ng pananagutan sa mga gawa ng tao sa dahilang ang mga gawang ito ay malayang pagkukusa.
- Ang kalayaan ay binubuo hindi ng paggawa ng kung ano ang naisin kundi ng paggawa ng tama na siyang ring nararapat gawin.

IKATLONG BAHAGI: DIMENSYONG PANANAMPALATAYA

3.5.4 KATOTOHANAN

- (halaw sa Katekismo ng Katolikong Simbahan)
- #2468. Ang katotohanan bilang naaakmang kilos at pananalita ay tinataguriang pagkamakatotohanan, pagkamatapat, o pagkamakatarungan. Ang katotohanan o pagkamakatotohanan ay kabutihang asal na binubuo ng pagpapakita ng sarili na totoo sa gawa at totoo sa pananalita, at ng pag-iingat laban sa kasinungalingan, paglilingid at pagkukunwari.
- #2469. Ang mga tao ay hindi mabubuhay kasama ang isa't isa kung walang pagtitiwalang sila ay tapat sa isa't isa. Ang kabutihang asal ng pagiging makatotohanan ay pagbibigay ng nararapat sa kapwa. Ang pagiging makatotohanan ay pagsasaalang-alang rin ng kung ano ang maaaring sabihin at kung ano ang nararapat ilihim: nangangailangan ito ng katapatan at mabuting pagpapasya. Sa hustisya, "*kung sa usapin ng dangal, isinasaalang-alang ng isa na ipahayag ng kabila ang katotohanan.*"

3.5.5 PAGKAMAKABAYAN

- Ang pagkamakabayan ay ang pagmamahal sa lupang sinilangan. Ang ating minana ay kalahatan ng iniwan sa atin ng ating mga ninumo - lupa kasama ng mga likas na yaman, mga pagpapahalagang espirituwal, wika, tradisyon, at kasaysayan. Ang pagkamakabayan ay binubuhay ang paggalang at pagmamahal na mayroon tayo sa ating mga magulang, at sa gayun, ay may dimensyong moral. Ang ating inang bayan ay ang Pilipinas, at nararapat na bigyang paggalang natin ang kaniyang mga simbolo, na Watawat at Awit Pambansa.

ANG KAPATIRAN
Para sa Diyos at Pagbabago
www.angkapatiranparty.org

MGA REPERENSYA

- *Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines*, 20 Jan. – 17 Feb. 1991
- Katesismo ng Simbahang Katoliko *(Catechism of the Catholic Church)*
- Catholic Bishops' Conference of the Philippines, 1998
- Canadian Conference of Catholic Bishops, 1994
- *CBCP Monitor Editorial/Commentary*, 5 Nov. 2000
- *Civic Duty and National Renewal*, Randy David. Philippine Daily Inquirer, 30 Jan. 2008
- *Compendium of the Social Doctrine of the Church*, 2004
- *Doctrinal Notes on somes questions regarding the Participation of Catholics in Politics*, Congregation of the Doctrine of the Faith, 24 Nov. 2002, Vatican City
- *Deus Caritas Est*, First Encyclical Letter, Pope Benedict XVI
- Josephson Institute of Ethics
- *Pastoral Constitution on the Church in the Modern World*
- *Pastoral Exhortation on Philippine Politics* 1997, CBCP
- *Render Unto Caesar: Serving the Nation by Living Our Catholic Beliefs in Political Life* by Charles J. Chaput, Archbishop, Denver, Colorado
- *Swords and Ploughshares*, Patrick JO'Mahony, London
- *The Jerusalem Bible*, Reader's Edition

IKAAPAT NA BAHAGI: PANGASIWAAN

PAMBANSANG PAMUNUAN

- **Reynaldo "Nandy" Pacheco** - **Founder and Chairman Emeritus**
- **Eric B. Manalang** - **Chairman & President**
- **David S. Lim** - **Vice Chairman**
- **Rafael Q. Enriquez** - **Vice President**
- **Norman V. Cabrera** - **Secretary-General**

TANGGAPAN: #4 General Capinpin Street, San Antonio Village, Brgy. San Antonio, Pasig City, Philippines 1600
TELEPONO: (02) 910-1171
FAX: (02) 910-1171
MOBILE NUMBERS: (0917) 535-9702 / (0918) 905-6569
EMAIL: angkapatiranparty@yahoo.com
WEBSITE: www.angkapatiranparty.org

Ang pasaporte na ito ay pag-aari ni _____, Pilipino na nagnanais tumulong sa pagtataguyod ng Bagong Pilipinas. Ang dokumentong ito ay kailangan upang matiyak ang ligtas at makabuluhang paglalakbay kasama ng iba pang mga Pilipino na nakikiisa sa Pananaw at Misyon ng Ang Kapatiran Party.

Signed by: Nandy Pacheco
Passport Officer

Signed by: _____
Passport Holder

Mga Puná:

1) Ang pasaporte na ito ay may bisa habang ang nagmamay-ari ay Pilipino na nananagutang marating ang Bagong Pilipinas.
2) Walang bahagi ng pasaporte na ito ang ililihim. Kailangang ibahagi ito sa iba.
3) Ang mga personal na pagpapakasakit para sa kabutihang panglahat habang gamit ang pasaporte ay gagantimpalaan ng pangkaloobang kapayapaan at kaligayahan.
4) Kung nais pa ng maraming kopya ng pasaporte na ito o nais palitan ang nawalang pasaporte, makipag-ugnayan sa Opisina ng Pasaporte sa Bagong Pilipinas sa:

Ang Kapatiran Party Headquarters
#4 General Capinpin Street, San Antonio Village
Brgy. San Antonio, Pasig City 1600
Telefax: +632 910-1171
Email: angkapatiranparty@yahoo.com
Website: www.angkapatiranparty.org

MAY DAAN BA PALABAS NG KADILIMAN?

OO, MAYROON.

SAAN AT PAANO NATIN UUMPISAHAN?

Una, kailangan nating tanggapin na ang ugat na dahilan ng pambansang krisis ay moral.

Ikalawa, kailangan nating aminin nang may pagpapakumbaba na bahagi tayo ng pagkukulang na siyang nagdulot sa malungkot na kalagayan ng ating bansa dahil sa ating kagagawan o pagkawalang-pakialam.

Ikatlo, kailangan nating maunawaan na ang pulitika, bilang makataong gawain, ay may dimensyong moral.

Ikaapat, kailangang nating gumawa ng personal na pasyang magbago para sa mas ikabubuti.

Inaanyayahan namin kayo na makisangkot at sumama sa
Ang Kapatiran Party, isang bagong partido pulitikal
na nagtataguyod ng maka-banal na pulitika
ng personal at panlipunang pagbabago.

ANG KAPATIRAN
Para sa Diyos at Pagbabago
www.angkapatiranparty.org